# Ang Tinig ng Tanda

Denham Springs, Louisiana, USA
Marso 21,1964

1 Manatili tayong nakatayo sumandali sa Presensiya ng Panginoon. Bumasa tayo sa Kaniyang Salita sa ikaapat na kabanata ng Exodo . . . si Moises ay sumagot at nagsabi, Datapuwa't narito, hindi nila paniniwalaan ako, ni didingin ang aking tinig sapagka't kanilang sasabihin, Ang Panginoon ay hindi nagpakita sa iyo. At sinabi sa kanya ng Panginoon, Ano iyang nasa iyong kamay? . . .Kanyang sinabi, Isang tungkod. At kaniyang sinabi, ihagis mo sa lupa. At kaniyang inihagis sa lupa, at naging isang ahas; at si Moises at tumakas sa harap ng ahas. At sinabi ng Panginoon kay Moises, Iunat mo ang iyong kamay, at sungaban mo sa buntot; (at kanyang iniunat ang kaniyang kamay, at kaniyang hinawakan, at naging isang tungkod sa kanyang kamay). Upang sila'y maniwala, na ang Diyos ng iyong mga magulang, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob ay napakita sa iyo. At sinabi sa kanya ng panginoon, Ipasok mo ang iyong kamay sa iyong sinapupunan. At kaniyang ipinasok ang kamay niya sa kaniyang sinapupunan: at nang kaniyang ilabas, ay narito, ang kanyang kamay ay may ketong, na maputing parang niyebe. At Kaniyang sinabi, Ipasok mo uli ang iyong kamay sa iyong sinapupunan. (At kaniyang ipinasok uli ang kamay niya sa kanyang sinapupunan, at nang kaniyang ilabas sa kanyang sinapupunan, ay narito, nagsauling gaya ng kanyang dating laman . At mangyayari na sila'y hindi maniniwala sa iyo, ni Makikinig sa tinig ng unang tanda, ay kanilang paniniwalaan Ang tinig ng huling tanda. At mang yayari na kung sila'y hindi maniniwala sa dalawang tandang ito, ni hindi makikinig sa iyong tinig, ay kukuha ka ng tubig sa ilog, at iyong ibubuhos sa tuyong lupa, at ang tubig na iyong kukunin sa ilog ay magiging dugo sa . . .tuyong lupa.

2 Magsiyuko tayo upang manalangin. Ngayon, mayroon ba kayong Kahilingan sa gabing ito na nais ninyong iparating sa Panginoon? Itaas lang 3 Ninyo ang inyong mga kamay at sabihin n'yo. "Panginoon, alalahanin n'yo Kami ngayon. May pangangailangan ako." Makalangit naming Ama, nilalapitan Ka naming muli sa gabing ito, napagtatanto naming habang itinutungo namin ang aming ulo sa lupang pinagmulan namin, at kung magtatagal Ka pa ay muli kaming magbabalik sa alabok, ngunit taglay ang pinagpalang pag-asa ng pangakong na kay Cristo, na lahat ng nasa Diyos ay isasama ni Cristo. Pinasasalamatan ka namin sa maluwalhating pangakong ito. At dalangin ko, Diyos, na alalahanin Mo ang bawat isa sa mga nagsipagtaas ng kamay. Gayon din nawa ang akin, Panginoon, dalangin ko sa gabing ito na sa pagsasara ng oras na ito ng pananampalataya na Pagkalooban Mo ang mga tao ng gayong pananampalataya sa gabing ito, na Ang Panginoong Jesus ay maging totoong-totoo sa bawat isa sa amin, hanggang sa walang maiwan isa mang taong nanghihina sa kalagitnaan namin pagkatapos ng gabing ito. Nawa ay mapagtanto ng bawat makasalanan na siya ay nasa Presensiya ng Panginoong Jesus, at pagkatapos ay pagsisihan niya ang kanyang kasalanan at ibigay niya ang puso niya sa iyo, at mapuspos nawa siya ng Espiritu sa mga makasalanang huling oras na ito, habang nakikita naming itong mistulang isang dambuhalang aninong gumagapang sa ibabaw ng lupa. Dumadalangin kami, Diyos, para sa makalangit na paggabay sa gabing ito, kapuwa sa magsasalita at sa makikinig. Nawa ay kunin ng Espiritu Santo ang gawaing ito ngayon, at pira-pirasuhin nawa Niya ang Tinapay ng Buhay sa bawat isa sa amin ayon sa aming pangangailangan. Sapagkat Hiling namin ito sa Kaniyang Ngalan. Amen. Maari na kayong maupo.

3 Umaasa ako na sa gabing ito ay maisasakatuparan natin ang sinikap nating ipakita sa mga tao — ang katunayan ng pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos. Ngayon, bukas ng hapon mga banding alas dos y media ng hapon, lahat ng may hawak na prayer card ay maipapanalangin. At para makatiyak na walang hindi mabibigyan ng prayer card, gabi-gabi ay mamimigay kami ng mga prayer card. At mamimigay siya uli bukas, mga bandang, palagay ko'y, mga ala-una y media, mga ganyan, bago magsimula ang Gawain. At lahat ng nagnanasang maipanalangin, sino man sa mga mahal ninyo sa buhay, papuntahin ninyo sila rito at pakunin n'yo sila ng prayer card. Tiyak namin silay - mabibigyan sila ng prayer card. Pagkatapos tayo ay . . .

4 Ipananalangin ko ang mga tao sa pamamagitan ng Pagpapatong ng kamay sa kanila at ipananalangin natin sila. Ngayon, kung ang pananampalataya ninyo ay hindi makaabot sa Presensiya ng Panginoong Jesus at hindi n'yo Siya matanggap bilang Tagapagpagaling, at kung sasampalataya kayo na kung mananalangin kami At ipapatong namin ang kamay namin sa inyo, na makakatulong iyon sa inyo, aba, kaya kami naririto ay upang gawin ang anumang nais ninyo. Kaya hinihintay ko munang gumabi, mahaba — nakikita ko kasi iyan, bawa't isang maaari kong abutin at madala sa ganitong batayan. At hindi naman masyadong marami ang tao ngayon. May . . . Hindi naman kalakihan ang gusali kaya hindi naman gasinong marami ang tao. At maaari nating gugulin natin ang buong hapon para sa layuning iyan, para sa pananalangin sa mga maysakit. At naririto kami upang gawin ang anumang magagawa naming upang paigihin nang kaunti ang buhay para sa inyo, upang pagaanin ng kaunti ang dalahin ninyo sa paglalakbay nating ito. At pagkatapos, anumang oras na may makadarama — nais niyang lumapit sa Panginoong Jesus, anumang bahagi iyon ng gawain, dumulog lang kayo. Huwag na kayong maghintay pa ng altar call, huwag na kayong maghintay pa sa panawagan. Dumulog na agad kayo, tanggapin n'yo si Cristo at lapit na agad at ipahayag mo na Siya kaagad. Sapagkat iyan ang Pinakahangarin natin kung bakit tayo naririto, ang makakita tayo ng mga Kaluluwang isinisilang sa kaharian ng Diyos.

5 Ngayon, bukas ay araw ng Lingo, at mayroong Sunday School. Ang mga iglesia . . . Kaya sa hapon

natin idinadaos ang mga gawain natin pag Linggo ay upang hindi tayo makaabala ng alin mang serbisyo. Naniniwala Tayong bawat Cristiano ay dapat magkaroon ng tahanang-simbahan. Bawa't Cristiano ay dapat nakikipagtipon sa nga mananampalataya kung saan. At saan man kayo nakikipagtipon, iyon ang simbahan ninyo. Ngayon, kung dito ako nakatira, mapapabilang ako sa isang sa mga iglesia sa dakong ito, na kinakatawanan ng mga pastor na ito na nakikipagtulungan. Bakit? Sapagkat nakaupo sila rito sa entablado para Makita ng Lahat, na Iniindorso nila ang nangyayaring ito. Naniniwala sila sa ganitong uri ng ministri, Sa Divine healing, sa bautismo ng Espiritu Santo, at iba pa. Naririto sila Upang magpatotoo. Sila ang nag-anyaya sa aking pumarito, nang sa gayon Ang ministring ibinigay sa akin ng Panginoon ay makatulong sa kanilang kongregasyon. Ngayon, iyan ang tunay na pastor na laging naghahanap sa abot ng kanyang makakaya, ng mga espiritwal na pakikinabangan, lahat ng ginagawa ng Diyos, gagawin niya ang lahat ng kaniyang magagawa upang tulungan ang kaniyang iglesia na sumulong para sa Diyos. Hinuhubad ko ang sombrero ko bilang paghanga sa ganiyang pastor. At mahirap para sa mga kalalakihang ito ang gawin ang bagay na ito. Maari ninyong paniniwalaang totoo nga iyan. Kailangan nilang gawin ito nang may kahirapan. At tiyak ngang nagpapasalamat ako dahil may mga ganitong dakilang tao ng Diyos na handang kunin ang kanilang puwesto, ang kanilang posting Panunungkulan batay sa kanilang mga kombiksiyon, at — sumasampalataya sila. Pagpalain nawa sila ng Diyos.

6 At nititiyak kong matutulungan nila kayo.

Ngayon, kung kayo'y dayuhan dito, alamin ninyo kung nasaan ang mga Iglesia ng mga kapatirang ito, kung nasaan ang mga iyon. Dalawin ninyo sila bukas. Magdaraos sila ng mga special service. At may mga ministro ritong magsisipagsalita sa iba't-ibang mga iglesia, at naianunsiyo na ito. Kaya't magpunta kayo roon bukas. At pagkatapos, bukas ng hapon, kung Nais ninyong dumalo sa gawaing pangwakas ikagagalak naming makasama kayo. Lahat ng mga iglesia, lahat ng denominasyon, para ito sa lahat. Lahat ay inaanyayahan. Mga Metodista, Baptist, Presbyterian, Pentecostal, Church of Christ, Church of God, Catholic, Orthodox Jew, ateista, ano ka man, amin kang — imbitado ka. Sasabihin mo, "Ateista?" Opo. Kung may dadalong ateista sa Gawain at mauupo siya at kikilos Siya nang nararapat, tatanggapin natin siya gaya ng iba. Tama. Isang Bagay . . . Kaya nga gusto natin siyang pumarito, nang sa gayon ay may magawa tayo na makatutulong sa kaniya upang Makita niya ang pagkakamali niya at nang makalapit siya sa Panginoon. Sapagkat tiyak na tayo'y . . .

7 Ilan ba ang nakabasa ng munting pangitaing inilathala ng Christian Business Men's magazine, at palagay ko'y mayroon pang ilang pirasong natira, tungkol sa pagtunghay sa likod ng tabing ng panahon? Ngayon, katotohanan iyan, mga kaibigan. Hindi ninyo gugustuhing hindi n'yo mabasa ito. Na — nabago ang pagkatao ko mula nang mangyari iyon. Alam kong totoo iyon. Kaya't umaasa akong walang sinuman sa inyo ang hindi makararating sa dakilang langit na iyon na inilalaan ng Diyos para sa mga mananampalataya. Kung hindi kayo mapupunta roon, ano ba ang nagawa ninyo rito sa ibabaw ng lupa? Sapagkat hindi ninyo alam kung anong oras ninyo lilisanin ang mundong ito. Ngunit tiyak ninyo ang isang bagay, lilisanin at lilisanin ninyo ito. Kaya't kung totoo iyan, kung gayon, hindi ba't isang napakalaking kamangmangan ang sikaping . . . Hindi natin gusting magbakasakali. Kita n'yo? Alalahanin lang ninyo. Sampalatayanan ninyo ang Salita ng Diyos, sampu ng lahat ng pangakong napakaloob Dito

8 Isipin lang ninyo. Ano ba ang sanhi ng bawat karamdaman, bawat sakit ng damdamin, bawat kamatayan, bawat suliranin, bawa't kalungkutan, ang batang ito na sinumpong ng pangatog, lahat ng mga bagay na ito, ang mga lumpo, bulag, ang bawat ospital na itinatayo? Dahil lang may isang taong hindi sumampalataya sa isang napakaliit na bahagi ng Salita. Si Eba yon. Pinatamis ni Satanas iyon sa kanya, hindi sinipi kundi pinatamis niya iyon sa kaniya, ang sabi, "Tiyak namang napakabuti ng Panginoon . . ." Masyado nang palasak and sinabi nilang mabuti ang Diyos. Isa Siyang Mabuting Diyos. Ngunit alalahanin ninyo, isa siyang Diyos ng kabanalan, Isang Diyos na hindi maaaring kumunsinti ng kasalanan. Bayad na ang multa, at kailangan mong tanggapin ito ayon sa Kanyang patakaran. At alalahanin n'yo, na Diyos din Siyang nagagalit, Diyos na napoot. At tatayo kayo sa harapan ng isang Diyos na nagngangalit, hindi lamang Siya Diyos ng kabutihan at habag. Sa gabing ito ay tagapagligtas ninyo Siya. Sa Araw na iyon ay Hukom na ninyo Siya. Kaya't tiyakin mong wala kang Naiwawaglit, kaibigan. Hi — hindi ito . . . Wala kang mapapala. Huwag mo Itong babalewalain. Tiyakin mo, doblehin mo ang paniniyak, sapagkat wala Nang ikalawang pagkakataon. Ito na ang tanging pagkakataon mo habang Naririto ka sa ibabaw na lupa.

9 Naaalala ba ninyo ang lalaking mayaman at si Lazaro. May isang malaking bangin sa pagitan ninyo na hindi pa natatawid at kailan man ay hindi matatawid ninuman. Kita n'yo kapag ikaw — kapag namatay ka, Tapos na iyon. Alam kong may mga taong nagsasabing maari silang Manalangin at mahahango ka sa lugar na iyon. Ngunit huwag na huwag Ninyong paniwalaan iyan. Salungat iyan sa Salita ng Diyos kita n'yo? Kung saan nakahilig ang puno, doon ito matutumba. Ang . . . Si Jesus mismo ang nagsabi, na mayroon doong bangin, na Kapag namatay ang tao at napunta siya sa impiyerno, hindi na siya maaaring mapunta pa sa langit. Wala pang taong nakatawid nito at walang makakatawid nito kailan man. Iyon na ang katapusan, sa abot ng nalalaman ko. Nang sabihin ni Jesus na tapos na iyon, iyon na nga iyon. Kaya'y alalahanin lang ninyo, ngayon na ang pagkakataon ninyo. At ang gabing ito na marahil ang huling

pagkakataon ninyo.

10 Makayanan kaya ninyong unawain kung ano'ng nangyayari ngayon? Kung makikita lang sana ninyo. Sana naman ay huwag ninyong isipin, dahil Sinabi ko iyan, na sinisikap kong impluwensiyahan kayo upang tumingin kayo Sa tao o maniwala kayo sa tao. Hindi iyan ang ginawa ko, kaibigan. Sinisikap kong ipakilala sa inyo kung Sino nga ba itong Isang ang Presensiya Ay naririto ngayon sa kalagitnaan natin. Si Jesus Cristo, and Diyos na hahatol Sa iyo sa araw na iyon ay naririto ngayon at ipinakikilala ang Sarili Niya sa iyong presensiya, ang ipinangako Niyang gagawin Niya sa mga huling araw na ito. Kailangang lumiko sa kanto. Nasiyahan ba kayo kanina? Tiyak ngang Nasiyahan ako. Napakaganda ng pagkakasalaysay. Ngayon . . . Kaya't Alalahanin n'yo, kung minsan ay kanto na pala iyon. Ngunit pakatandaan Nating kailangang lumiko tayo pagdating sa mga kanto. Nangaral ako tungkol diyan minsan at tinawag kong "Junction" ang mga iyon. Paminsan-minsan ay humahantong tayo sa kanto. Kailangan nating lumiko rito, at sa iba pang mga direksiyon.

11 Ngayon, sa gabing ito sa kasunod na ilang minuto ay nais kong talakayin ang paksang, "Ang Tinig ng Tanda". At ngayon ang tagpo natin sa gabing ito ay magsisimula sa aklat ng Exodo. At ang kahulugan ng "exodo" ay "ang paglabas, inilabas." Ngayon, sikapin ninyong makinig mabuti hangga't Maari. Nais kong mangaral sa ibang pagkakataon, napakainam ninyong Tagapakinig, ngunit wala na talaga akong boses. Kapag ibinirit ko ito kahit Kaunti lang, alam ko na ang mangyayari. Nakapagpahinga na ako nang kaunti ngayon, sa loob ng walo o sampung araw, bago ko pasimulan ang kasunod na mga Gawain. Kita n'yo, hindi lang kasi ito ang gawain. Araw-araw ang gawain, Lingo-lingo, buwan-buwan, taun-taon, minsan man hindi Siya nangusap ng anuman malibang iyon ay sakdal, totoong-totoo, sa lahat ng wika, sa buong mundo, pitong ulit, Kita n'yo? Walang sinuman, saan man, ang makakapagsasabing hindi ito sakdal at tamang-tama, sa bawat pagkakataon. Kapag may sinabi Siyang mangyayari, nangyayari iyon ayon sa pagkakasabi. Naisasaysay iyon maraming linggo, at buwan, at taon pa nga, bago iyon mangyari, at laging hindi iyon nagmimintis. Kahit minsan ay hindi pa ito nabigo, at hinding-hindi ito mabibigo, sapagkat Diyos iyon. Ngayon, maari akong mabigo bilang tao. Huwag ninyo akong titingnan bilang halimbawa, dahil wa — wala akong pagkakaiba sa inyo, isang makasalanang naligtas ng biyaya. Ngunit Diyos iyon, ang sobrenatural (Kita n'yo?) Ipinakilala ang sarili Niya. Hindi Niya kailangang gawin ngunit ipinangako Kasi Niyang gagawin niya ito.

12 Nagpagaling si Jesus upang matupad ang Salita. Ginawa Niya ang mga Bagay na iyon upang matupad ang Salita ng Diyos. Kaya Niya ginagawa ito ngayon, upang matupad ang Salitang sinisipi ko sa inyo gabi-gabi. Ngayon, pansinin. Pagkatapos, kapag dumarating na ang Presensiya Niya, tiyak na tiyak na may dala tong emosyon. Gaya ng ipinangusap ko kaninang umaga, anumang bagay na walang emosyon ay patay. At anumang relihiyong walang kahit kaunting emosyon, makabubuting ilibing na lang ninyo. Patay na iyon. May dala kasi itong emosyon. Binibigyang-buhay Niya tayo. Ngunit kung tayo'y mabibigyang-buhay, Alalahanin sana natin kung ano ang nagbigaybuhay sa atin, kung ano ang gumawa nito. Ang Presensiya iyon ng Espiritu Santo, si Jesus Cristo, sa ating kalagitnaan, ipinakikitang nabubuhay Siya. Hindi ang katawang tao, dahil sa oras na iyon, kapag ang katawang taong iyon ay nagbalik na mula sa langit, doon na matatapos ang panahon. Iyon na ang kabuuan nito. At nalalaman nating nabubuhay tayo sa mga huling araw, kung kalian ang mga bagay na ito ay nakatakdang maganap.

Ngayon, nagkaroon na ng Exodo ang Diyos noon. Mayroong . . .

13 Lahat ng bagay na tungkol sa Diyos ay tumatakbo sa tatluhan. Nasasakdal ang Diyos sa tatlo. Ang unang pagdating ni Cristo ay upang tubusin ang Nobya, ang ikalawang pagdating ni Cristo ay upang tanggapin ang Kaniyang Nobya, ang ikatlong pagdating ni Cristo ay kasama Niya ang Nobya upang maghari sila sa Milenyum; Lahat ng bagay ay tumatakbo sa tatluhan. Ngayon, nagkaroon na, o mayroong tatlong Exodo. Isa sa mga iyon, dinala sila ng Diyos sa loob ng daong para sa isang Exodo, sa ibabaw ng lupa. Sumunod naman. Inilabas sila ng Diyos sa — sa Egipto. At kasunod naman nito, itataas sila ng Diyos. Sa loob, sa labas, sa itaas. Ang kasunod na exodo ay pataas. Kinakaharap na natin ang isang exodo ngayon, ang oras ng pagtaas. Katulad din ng . . . Ganiyan din ang nangyayari sa buhay. Papasok tayo sa buhay; lalabas tayo sa buhay, babangon tayong buhay, gano'ng ganon din.

Kaya't tayo'y . . .

14 Ang tagpo natin ay magbubukas sa gabing ito sa Exodo, at napipinto nang kunin ng Diyos ang bansang ito; isang bansa ang Israel. At hindi pinakikitunguhan ng Diyos ang Israel bilang isang indibidwal. Ang Israel ay isang bansa, laging gayon ang paraan ng pakikitungo sa kanila. At sa mga huling araw, pagkatapos ng — ng pag-alis ng iglesia, kung Magkagayon ay ililgtas ng Diyos ang Israel bilang isang bansa. Naroon na siya ngayon sa lupang tinutubuan at nakahanda na. At maliligtas sila. Sinabi ng Biblia na, "isang bansa isisilang sa loob ng isang araw." Hindi nakikitungo ang Diyos sa mga Judio nang tao-tao; pinakikitunguhan Niya sila bi—bilang isang bansa, ang Israel sa tuwina, sapagkat iyon ay Kaniyang bayan. At narito Siya ngayon, napipinto na Niyang ilabas ang Kaniyang bansa palabas ng isang bansa sa isang exodo, ilalabas ang Kaniyang bayan mula sa isang paghuhukom.

15 At ang tubig na lumunod sa sanlibutan ay siya ring nagligtas kay Noe. Kita n'yo At ang Espiritu Santong Itinatakwil ng mga tao ngayon, ang Siyang natanggap sa iglesia at magtataas dito, at magdadala ito ng kahatulan Sa mga hindi nagsisampalataya. Sinabi ni Jesus nang tawagin nila Siyang Beelzebub . . . Sa ibang Pananalita, isa siyang manghuhula. Sila — Ang sabi Niya, "Mapapatawad Ko kayo riyan (Ang Anak ng tao, hindi pa kasi naihahain ang handog.), Ngunit kapag naparito ang Espiritu Santo upang gawin ang gayon ding bagay isa mang salita laban dito ay hindi mapapatawad sa daigdig na ito, ni sa daigdig na darating ." Kailangan itong matakwil, at pagkatapos ay saka daratal ang paghuhukom. Kita n'yo ang problema kasi, tayo . . .

16 Naisip ko tuloy ang nabasa kong isang kwento minsan, tungkol sa isang matandang kawal ng dagat na nagmula sa karagatan. At may — may isang binatang makatang Ingles na patungo sa dagat. Kaya't marami nang naisulat ang makata tungkol sa dagat, ngunit hindi pa niya iyon nakikita. Kaya't nagtungo siya roon. At sinabi sa kaniya ng matandang mandaragat, Nakasupalpal ang pipa sa kanyang bibig ang sabi, "Saan ka patungo, butihing lalaki?" Ang sabi niya, "Pupuntako sa ako sa dagat." Ang sabi niya, "Hindi ko pa kasi iyon nakikita." Nakapagsulat na ako ng tungkol dito, batay sa salaysay ng iba,‟ ngunit ang sabi, ″Oh, labis ang kasiyahan ko na malapit na ako sa dagat,‟ Ang sabi niya, ″Oh, ang malanghap ko ang maalat na simoy nito, ang Makita ang naglalakihang alon nito na namumuti ang ibabaw sa pagsambulat nito, pati na ang bughaw na kalangitang sumasalamin sa sarili nito, at ang marinig ang huni ng mga ibong-dagat habang sila'y nagliliparan. Oh, labis akong nanabik sa tuwing iisipin ko pa lang na makikita ko ito,‟ Ang sabi ng matandang mandaragat, ″Isinilang ako sa karagatan anim na pung taon na ngayon ang nakaraan. Wala akong makitang anumang bagay na maganda sa dagat.‟ Kita n'yo, masyado na kasi siyang maraming nakita hanggang sa naging karaniwan na lamang iyon sa kanya. Ngayon, iyan ang nangyayari sa iglesiang Pentecostal ngayon. Masyado Nang marami ang nakita nila tungkol sa Diyos, hanggang sa nagingkaraniwan na sa kanila ang Diyos. Huwag kayong papayag na mangyari iyan sa inyo.

17 Dito, hindi pa katagalan sa Louisville, Kentucky, kung saan ako nagmula, Sa Jeffersonville, Indiana, sa kabila lang ng ilog, may isang babaeng pumasok Sa isang tindahan. At siya ay . . . may karga siyang batang lalaki, at Patungo siya sa counter, at naghihisterikal siya. Dadampot siya ng isang bagay, ipapakita niya iyon sa bata. Nakaupo lang ang bata roon at nakatingin. Lilipat siya sa kabilang counter at dadampot siya ng isang bagay doon, Ipapakita iyon sa bata. Titingnan lang iyon ng bata. At maya-maya ay dumampot siya ng isang maliit na kuliling, at pinatunog niya iyon, at nakatingin lang ang bata. At nagsimula siyang magsisigaw at itinaas niya ang kanyang mga kamay. At pinapanood siya ng mga tao sa loob ng tindahan, kaya't nilapitan nila siya para malaman kung ano'ng problema. Ang sabi niya, "Akoy . . . Ang munti kong anak na lalaki," aniya, tatlong taong gulang pa lamang siya.‟ At ang sabi, ″Ako — bigla na amang, may isang taon na ang nakalipas, bigla na lamang siyang nauupo at umititig sa kawalan.‟ At ang sabi, ″Di — dinala ko siya sa duktor,‟ at ang abi, ″at nagreseta ang duktor ng ilang gamot, at iba pa.‟ At ang sabi, ″At inabi sa akin ng duktor kanina na sa palagay niya ay umigi na ang bata.‟ gunit ang sabi niya. ″Hindi na siya umiigi.‟ Ang sabi, ″Lahat ng bagay ay maaring makatawag ng pansin ng batang kasing edad niya ay iginalaw- galaw ko sa harapan niya, at nakaupo lang siya at nakatitig sa kawalan.‟ Ang sabi niya, ″Hindi pa siya umiigi.‟ Parang ganiyan ang Iglesiang Pentecostal. Ginalaw-galaw na ng Diyos ang lahat ng kaloob na nasa Biblia sa harapan nila, at nakupo lang sila at nakatitig sa kawalan, na para bang may sakit sila. Panahon na upang gumising siya, mga kaibigan, bago pa maging huli ang lahat. Alalahanin ninyo, hindi aalugin ng Diyos ang mga kaloob na iyon malibang gusto Niyang tawagin ang pansin ninyo.

Inilalabas ng Diyos ang isang bansa palabas ng isang bansa,

18 gaya nang ginagawa niya ngayon, nilalabas Niya ang isang Nobya mula sa isang iglesia, iniiwan doon ang tira ng binhi ng babae. Ang hinirang ay ilalabas sa iglesia. Ang iglesiang natural ay mananatili rito hanggang sa matapos ang kapighatian. Ang hinirang, kung minsan ay tinatawag na pinili, hinirang, ang tira. Tingnan natin kung paano Niya iyong ginawa noon, sapagkat hindi pa rin Siya nagbabago ng paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay. May isang paraan ang Diyos ng pagsasagawa ng mga bagay, at iyon ang paraang gamit Niya at Iyon lagi ang tamang paraan. Tingnan n'yo kung paano Niya iyon ginawa, at ang paraang ginamit Niya, at para na rin natin itong nasulyapan.

Ngayon,

19 isa akong tipolohista, tiyak nga. Wala akong pinag-aralan. Kailangan kong bumalik upang tingnan kung ano ang ginawa Niya noon. At ang — naituro sa atin na ang lumang tipan ay anino ng mga bagay na darating. Kaya't ku titingin ako rito ko pa nakikita ang kamay ko, at nakakita ako ng ganito ang aking kamay, at mayroon akonglimang daliri. Kaya't ang nangyari

sa kanila ay mga halimbawa kung paano gumagawa ang Diyos, kung paano Niya itong isinasagawa ngayon. At ang paraan Niya ng pagsasagawa nito, hindi Niya Iyon binabago. Sa tuwina sa kabuuan ng Biblia ay hindi Niya binabago ang paraan Niya, tuluy- tuloy ito at hindi nagbabago. Dahil ang unang paraan Niya ng pagsasagawa nito ay ang sakdal na paraan. Dahil hindi na Siya maari pang magkaroon ng iba pang paraan dahil sakdal Siya. Masdan n'yo kung paano Niyang ginawa.

20 Tinawag si Moises at itinalaga siya upang gawin ang ipinagagawa sa kaniya, na tinanggap niya. Ang Diyos . . . Ngayon, sa palagay ko . . . Kung ipagpapaumanhin ninyo, hindi ko nais na maging magaspang. Dito ko lang sa entablado ito sasabihin. Wa — wala akong alam at wala akong nais malaman maliban sa Diyos. Ngayon, sa tingin ko, diyan nagkamali ang mga kapatiran nating kabilang sa Latter Rain. Kita n'yo, nagpapatungan sila ng kamay sa isa't-isa, at ginagawa silang mga propeta at iba pa. Ngayon, hindi iyan Iskriptural. Ang mga kaloob at katawagan ay hindi nababawi. Isinilang ka kung ano ka. Sa pasimula pa lamang ay ganyan ka na kung ano ka ngayon. Tingnan n'yo ang mga Fariseo noong araw. Mayroon silang taglay na Kaunting liwanag dahil kaya nilang — nasa kanila ang kautusan, at namuhay Sila ayon sa kautusan. Ngunit ang kaibuturan ng kanilang puso ay maitim na maitim.

21 At may isang babae, isang patotot. Ang kanyang buhay noon dito ay Walang kasing itim; pangit ang kanyang reputasyon. Ngunit sa kaibuturan ng puso niya ay nakatalaga siya sa Buhay. At nang si Jesus na Salita, ay dumating sa tagpo, ang sabi ng mga Fariseo. "Ang taong ito bay si Beelzebub." Ano'ng nangyari? Initiman nito ang kaunting liwanag na taglay nila. Sinabi ni Jesus, "Kayo'y sa inyong amang Diablo, at ang mga gawa Niya ang siya ninyong ginagawa." Ngunit nang lumapit ang masamang babaeng ito, at nakita niya ang Salita ng Diyos, nalaman niya Iyon. Hindi niya Iyon ipinamuhay, ngunit Alam niya Iyon. At sa sandaling mangusap Iyon sa kanya, Ang sabi niya, "Napagkikilala kong isa Kang propeta." At Siyay . . . Ang sabi niya, "Alam kong gagawin ito ng isang Mesiyas." At ang sabi Niya, "Ako nga." Ano ang nangyari? Nilinis nito ang Kaitiman, at pinaputi Niyang lahat. Bakit? Mayroon kasing binhing Nakahimlay doon, isang nakatalagang binhi na naroon na sa - kaisipan ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan,

22 Isa lang ang anyo ng Buhay na Walang Hanggan. Kung mayroon kang Buhay na Walang Hanggan, kung gayon ikaw, ikaw mismo, ay nasa kaisipan Na ng Diyos bago pa lalangin ang mundo. Isa kang katangian ng kanyang Kaisipan, sapagkat ang eternal ay hindi nagpasimula kailan man, o hindi rin Ito magwawakas. Kailan man ay hindi ka nawala sa ekonomiya ng Diyos. Naisasalamin lamang ito.

Ito'y nagiging . . . Ngayon, mayroon pa kayong isa pang litratong kailangan idibelop, iyon ay ang kamatayan. Pagkatapos, magiging positibo na ang negatibo. Kung magkagayon ay kabilang ka na sa Nobya, at kasama ka na ni Cristo. Gaya ng itinuro Niya, gaya ng mag-asawa ngayon, gayon din naman ang Diyos, si Cristo at ang iglesia ay magiging magkatulad. Nagayon, ang hinirang, tinawag . . . isinilang si Moises na tamang bata. Sinabi iyan ng Biblia, ng isa sa mga propeta, si Jerimias, sinabi ng Diyos, "Bago ka pa mabuo sa sinapupunan ng iyong ina, itinalaga na kita upang Maging propeta sa bansang ito." Si Juan Bautista, aba, ipinakilala siya ng kasulatan. Si Isias, pitong Daan at labing dalawang taon bago siya dumating, sinabi niya, "Siya ang Tinig ng isang sumisigaw sa ilang, 'ihanda ninyo ang daan ng Panginoon.'"

23 Mga apat na raang taon bago siya lumitaw, muli, makikita nating sinabi ni Malakias, "Narito, aking isusugo ang aking sugo sa aking harapan upang maghanda ng daan para sa Panginoon." Kita n'yo, nakatalaga siya.

At gayon din ang mga opisina ng Diyos, kung sila'y tinawag ng Diyos. Kung silay naturuan lang tungo rito, wala itong halaga. Kita n'yo? Hindi maaaring magkaroon ito ng anumang halaga. Kung ito'y ticket ng pagkain, kung gayon ay ipinagbibili ninyo ang inyong pagkapanganay sa halaga ng ticket ng pagkain. Magkokompromiso kayo para makasama kayo ng organisasyon o ng kung anong grupo. Ngunit ito'y sa Diyos, maninindigan ka sa Salitang iyan kahit ano pa ang mangyari, dahil isinilang ka upang manindigan para dito.

Si Moises, walang maaaring pumalit sa kanya. Walang ibang maaaring Gumawa ng gawaing iyon. Nakatalaga siya upang gawin iyon. At kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung mayroon kang Buhay na Walang Hanggan nakatalaga kang gumawa ng isang bagay, marahil ay isang butihing asawang babae, marahil ay iba naman. Ngunit walang maaring pumalit sa iyo. Naglaan ang Diyos ng lugar para sa iyo. Huwag ninyong tatangkain kunin ang lugar ng iba. Iyan ay karnal na panggagaya (Kita n'yo?), nagpapakita lang na may mali sa iyo. Kung ano ka, iyon ang pagsikapan mong maging. Huwag mong pilitin maging iba.

24 Ngayon. Ngayon makikita nating nagbigay si Moises ng mga tanda Upang patunayan ang mga pag-aangkin at katawagan. At bawat tunay na tanda, bawa't tunay na tandang mula sa Diyos ay — may kalakip na tinig sa likuran nito. Ngayon, huwag na ninyo makuha; ito ang aralin ko tungkol dito. Kita n'yo? Bawat tunay na tanda . . . Ngayon, may mga tandang hindi galing sa Diyos. Kayang gayahin ni Satanas halos ang lahat ng bagay. Ngunit ang tunay na tandang galling sa Diyos ay may kasunod na tinig ng Diyos. Sinabi ng Diyos kay Moises, "Kung hindi nila paniniwalaan ang tinig ng Unang tanda, ipakita mo ang isa pang tandang ito sa kanilang harapan. At Kung hindi pa rin nila pakinggan iyan, kumuha ka ng tubig at ibuhos mo sa Lupa." At iyon ang tanda na mababababad sila roon sa sarili nilang dugo. Pansinin n'yo. Kung Paano Niyang sinabi, "Ipagpag ninyo ang alabok sa Inyong mga paa. Mas masahol pa kaysa sa dinanas ng Sodoma at Gomorah Ang daranasin ng bayang tatangi sa inyo sa araw na iyon."

25 Ngayon, hindi tayo naglalaro ng simba-simbahan. Ito ay iglesia. Si Cristo ang iglesia. Tayo ay nakay

Cristo, ang mistikal na katawan ni Cristo. Isinilang tayo rito; hindi ka maaring sumapi. Limampu't limang taon na akong kabilang ng pamilyang Branham, at kahit kalian ay hindi nila ako inalok na sumapi sa pamilyang ito. Isinilang akong isang Branham. Ganiyan din ang pagiging Cristiano; isinilang kang Cristiano. Hindi ka sumali, isinilang ka rito. Natatakot ang lahat sa kapanganakan. Ang kanila'y isang mainam, malinis na paraan ng pakikipagkamay, o paglagda sa isang tarheta, o ng pagkalog ng asing may tubig. Hindi iyan ang kapanganakan. Mahirap ang kapanganakan. Ang kapanganakan ay isang — isang mapangit na bagay. Kahit saan pa ito mangyari, kung sa kural ng baboy, o sa i — isang kuwadra Sa kamalig, o kahit pa sa kulay pink na dinikurasyunang silid ng ospital, ang isang kapanganakan ay makalat. At ikaw din ay magiging isang kalat. Hindi mo gustong sumuko. Ayaw mo ng ganito. Ganyan at ng iba pa. Ngunit huhugasan ng luha ang pinta sa iyong mukha at magiging ibang tao ka. Kung ika'y isinilang na muli, magiging isa kang malaking kalat. Ngunit lilitaw ang isang bagong nilalang. Ayaw nila niyan. Ang gusto nila ay ang madaling paraan, alam n'yo. At walang madaling paraan. Gaya ng sabi ng awitin, ang sabi, "Mas nanaisin ko pang makasama ang iilang tao ng Diyos na nilalait." Hindi mo gustong maging halamang nakatanim sa hotbed.

Bawat tunay na tanda ng Diyos ay sinusundan ng tinig ng Diyos.

26 Ngayon, kung magbibigay ang isang tao ng tanda sa isang lalawigan o kailan man, at ang tinig na sinasalita niya sa likuran nito ay hindi Salita ng Diyos, kung gayon ay bantayan ninyo iyon. Huwag ninyo iyong paniniwalaan. Kung may lumang paaralan . . . Kung may taong tatayo at magsasabi, pakitaan mo kami ng tanda mula sa Diyos, pagkatapos ang katuruan naman ng taong iyon ay ang dati pa ring teolohiyang maraming taon mo nang naririnig, hindi ang Diyos ang nagsugo ng tandang iyon. Balikan ninyo ang mga Kasulatan at tingnan n'yo kung naroon nga iyon. Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan. Kung magbabalik ang tao at magsasabi, "Ngayon, nais naming lahat na Sumapi kayo rito. Isa itong matanda at matibay na Gawain," huwag ninyong Paniniwalaan iyan. Dadako tayo riyan sa loob lamang ng ilang sandali. Kita n'yo? Huwag. Huwag ninyong paniniwalaan iyan. Laging binibindika ng Diyos ang Kanyang mga tanda. Ang tandang mula sa Diyos ay laging Mangungusap ng tinig ng Diyos. At kung iyon pa rin ang dating paaralang matagal mo nang alam, ano't magbibigay pa Siya ng tanda? Kabilang ka na rito. Sinisikap Niyang papuntahin ka sa sulok na iyon. Karatulang tigil, magbagal ka, tingnan mo kung saan ka patungo. Baka ka mahulog sa kanto kung hindi ka magiingat. Masyadong matulis ang kurbada. At laging may nakapaskel na karatula roon bago ka lumiko, para hindi ka mabangga. Nagbibigay ng mga tanda Ang isang mahusay na tagagawa ng daan, at ang tinitiyak natin ay ang daan patungong langit. At kung ang tanda ay nangungusap ng mga dati pa ring bagay, hindi iyon mula sa Diyos. Nagbibigay ng tanda ang diyos upang tawagin ang pansin ng Kaniyang bayan. Ang mga tanda ay pantawag ng pansin ng bayan ng Diyos iyan ang ginagawa ng tanda ng Diyos. Ang tanda ng Diyos ay ibinibigay upang tawagin ang pansin ng bayan ng Diyos.

27 Ngayon, dito'y ang nagliyab na palumpong ay nagsilbing tanda upang matawag ang pansin ng propeta, sinikap — dahil tinakasan ng propeta ang iyos, at ibinigay ng Diyos ang nag-aapoy na palumpong bilang tanda. At akita niya ang kakatwang tandang ito. Ang sabi niya, "Tatabi ako upang alaman ko kung ano ang kakatwang tandang ito, nag-aapoy ang maliit na uno ngunit hindi natutupok." gayon, tinatawag ng Diyos ang pansin ng Kanyang propetang naglayas. Maaari Siyang kumuha ng Iba. Ngunit itinalaga Niya si Moises Para sa trabahong iyon, at walang ibang maaring pumalit sa kaniya. Sa paglalakbay nila ay may ibang taong sumusubok na gumawa nito, alam n'yo. Lumitaw si Dathan at gusto niyang gawin iyong isang organisasyon. Sinabi ng Diyos ay Moises, "Ihiwalay ninyo ang inyong sarili. Lalamunin Ko sila." Kita 'yo? Tau-tao kung makitungo ang Diyos. Kita n'yo? Ngayon pansinin 'yo ito. Sinikap Niyang tawagin ang pansin ng propeta upang mailagay Niya ang Kanyang propeta sa dapat niyang kalagyan (kita n'yo?), at ibinigay Niya ang tandang nag-aapoy na palumpong. At masdan n 'yo, ang tinig na sumunod sa tanda ay isang Iskriptural na tinig. "Narinig Ko ang daing ng Aking bayan, sampu ng kanilang mga kapanglawan gawa ng mga tagapagpaatag sa kanila, at naalala Ko ang Aking pangako," Amen. Tapos na. "Naalala Ko an gang Aking pangako." Iyon ay isang Iskriptural na tinig. "At isinugo Kita. Nanaog Ako upang iligtas sila, at isusugo kita."

28 Alalahanin n'yo, hindi gumagawa ang Diyos nang hindi Niya ginagamit ang tao. Alam n'yo ba iyan? Ang dahilan kung bakit natisod sila kay Jesus. Tao ka lang at ginagawa mong Diyos ang sarili mo." Diyos Siya Ngunit hindi nila iyon maunawaan. "Buweno, ikaw, tao ka lang . . . " Ang sabi niya, "Buweno, ang tawag ninyo sa mga propeta ay mga diyos, at kinilala ito ng inyong kautusan. Kung tinatawag ninyong diyos ang taong dinatnan ng Salita, ba't ninyo ako sisihin kung sasabihin Kong Ako ay Anak ng Diyos?" Kita n'yo? Mga tanda, pantawag ng pansin. At alalahanin, kung nakatatawag nga ng pansin, ngunit luma pa rin ang linyada, hindi iyon sa Diyos. Ngunit sinisikap ng Diyos na tawagin ang pansin ng propeta, at binibigyan Niya siya ng isang tanda, at ang tinig na kasunod ng tanda ay isang Iskriptural na tanda. "Nakita Ko ang bayan. Narinig Ko ang kanilang mga daing. Naalala Ko ang Aking pangako."

29 Ngayon, ang Diyos ay mangugusap sa pamamagitan ng Kaniyang pangakong Salita. Kailangan Niyang Isugo ang Kaniyang propeta, sapagkat ang Salita ay dumarating sa propeta. Sinabi ng Biblia . . . Ang Diyos mismo ang nagsabi, na wala Siyang gagawin malibang ihayag muna Niya sa Kaniyang lingkod na

propeta. Kita n'yo? Pagkatapos ay ibibigay ang tanda, At tinig ng tanda ni Moises? Una, ang tanda ay ang nag-aapoy na palumpong. Ang tinig ay ang kasulatan. Kinuha ni Moises iyon bilang tanda, at nanaog siya sa Egipto, at isinagawa niya ang tandang ibinilin sa kanya ng Diyos. At may tinig ang tanda, at naniwala ang bayan. At nagsilabas sila. Habang nagmamartsa sila, maayos ang lagay nila. Ngunit nang magsimula silang magreklamo laban sa tinig, doon na sila tumitigil.

30 Alalahanin n'yo, naglakbay ang Israel. Alam ba ninyo kung hanging Saan sila nakarating? Dapat sana'y . . . Apatnapung milya lang ang layo nila, apat napung taon ang itinagal niyaon. Bakit? Sapagkat nagsimula silang magreklamo laban sa tinig na nagpalabas ng tanda. Wala silang kamalay- malay, na habang nagsisigawan sila roon sa pangpang at nagsasayaw sila sa Espiritu, at si Moises naman ay umaawit sa Espiritu, ilang araw na lamang ang layo nila. Ngunit nagsimula kasi silang magreklamo, at nais nilang iba ang gawin nila. At inabot sila ng apatnapung taon doon sa ilang at napahamak sila dahil doon (Tama.), sapagkat hindi sila naniwala. Sinabi ng Diyos, "Hindi ikaw ang kinakalaban nila, Moises, Ako ang kinakalaban nila." Tinig iyon ng Diyos, hindi ni Moises.

31 Ngayon, masdan n'yo. Mangungusap si Jehovah sa pamamagitan ng Kanyang pangakong Salita, Kaya't kailangan Niyang isugo ang Kaniyang propeta. Ngayon, kung nais ninyong Makita iyan, iyan ay nasa Genesis 15:16. Makikita nating sinabi ng Diyos kay Abraham, "Ang inyong binhi aymaglalakbay sa isang banyagang lupain. At ilalabas Ko sila sa pamamagitan ng isang malakas na kamay. Hindi pa umabot sa sukdulan ang kasamaan ng mga Amorita." Lahat ng ibinigay Niyang mga pangako . . . Narito at tinatawag niya ang pansin ng propeta sa pamamagitan ng Isang nag-aapoy na palumpong. Ngayon, kung sinabi ng nag-aapoy na Palumpong, "Moises, ang Diyos ay Diyos." "Oo, naniniwala ako." "Oo, mabuti ang ginawa mo, Moises. Ipagpatuloy mo. Mabait na Babae ang napangasawa mo. Isa siyang magandang anak. Mabait din ang Anak mong lalaki, Luwalhati sa Diyos." Lupa na ang kaisipang iyan. Kita n'yo? Datapuwa't handa na Siyang gumawa ng isang bagay, kaya't kailangan Niyang tawagin ang pansin ng lalaking iyon. At binigyan Niya siya ng Dalawang tanda, at ang sabi Niya may tinig ang bawa't tanda; iyon ang Nagpapatunay na totoo nga iyon. Masdan n'yo kung ano'ng ipinangusap ng mga tinig na iyon, maging ang paglikha. Handa nang mangusap ni Jehovah ngayon.

32 Muli, ang pagdating ng propeta ay isang tanda. Alam ba ninyo iyan? Ang pagdating ng propeta sa isang kapanahunan ay isang tanda. Ngayon, hindi isang doctor of divinity ang ibig kong sabihin; hindi isang matapat na pastor ang ibig kong sabihin, isang mabuting tao. Mainam ang mga taong iyon. Mga lingkod sila ng Diyos. Ngunit ang isang propeta ay isang tanda; sinabi iyan ng Biblia rito. At ano ang tandang ito? Ito'y isang tanda na ang Kaniyang Salita ay malapit nang matupad — matutupad na sa pamamagitan ng tinig ng propeta. Pansinin n'yo. Ang pagdating ng propeta ay isang tandang nagbababala ng paparating na kahatulan. Alam ba ninyo iyan? Malapit nang dumating ang kahatulan. Kung may isang propeta sa lupain, alalahanin ninyo, kailangan muna siyang mabindika ng Diyos at ng Salita para sa araw na iyon. At pagkatapos ay gagawa siya na isang tanda. Kung gayon ay masdan n'yo ang tandang iyon, kung ano itataya niyang mangyari. Ang sabi Niya, "Kung matutupad iyon, pakinggan n'yo siya," Mga Bilang 12:6. "Kung Hindi naman matutupad, kalimutan n'yo na lang." Kailangan Iskriptural Ang tandang ibibigay niya. At ang tandang minsan Niyang ibinigay, kung Siya'y hindi nagbabago. Ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa mga propeta. Sila ang nagsilbing Salita. At nang dumating si Jesus, Siya ang Salita. At Ang Salita ay patuloy na makakikilala ng mga kaisipan at haka ng puso ng Tao, tuloytuloy. Ngayon, masdan. Ang pagdating ng propetang ito ay laging nagbibigay ng tanda na ang kahatulan ay napipinto na.

33 Tumigil muna tayo sa loob ng ilang minuto. Hindi ako masyadong magpapakahaba, para lang siyasatin nating ang dalawa sa loob ng sampung minuto, ang kabuuan ng mensahe, ang ibig kong sabihin, sa loob ng sampung minuto. Si Noe, isang propeta sa lupain — sa lupain, tanda ng parating na kahatulan. Si Moises na propeta sa lupain, tanda ng paparating na kahatulan. Si Elias, propeta sa lupain, tanda ng parating na kahatulan. Si Juan, isang propeta sa lupain, tanda ng parating na kahatulan sa Israel. Walang pasubaling itinakwil sila. Pansinin, ang tanda. Ano ba ang ginagawa ng tanda? Ang tanda ay pantawag ng pansin, at upang alisin muna ang hinirang bago dumatal ang kahatulan. Iyon ang ginawa ni Noe, pinaghanda niya ang hinirang. Ang iba pa sa kanila . . . At ano ang ginagawa nito? Ang tanda sampu ng tinig ng tanda ay kukukundena sa hindi mananampalataya at hinahanda siya para sa kahatulan. Hinahanda nito ang hinirang para sa pagtakas. Kaya may tanda. Kaya may mga tandang ibinibigay, para sa parating na kahatulan.

Sa mga hinirang, nakikita nila ito,

34 tulad ng babaeng ang puso'y dalisay sa loob ng maruming katawan, at ng Fariseong dalisay ang katawan ngunit marumi ang puso. Kinundena nito ang isa at iniligtas nito ang isa. At ang kahatulang nagligtas kay Moises, ang siyang kumundena sa Buong mundo, ang kaniyang pangangaral. Pinaghahanda nito ang hinirang. Ano ang pinaghahandaan ng hinirang? Kapag may nakita silang tandang nagmula sa Diyos, binabalikan nila ang Kasulatan at tinitingnan nila kung naro'n nga ba iyon. "Siyanga, narito nga. Ano ito? Napipintong kahatulan." Kung magkagayon ay nakikinig ang hinirang sa tinig. Ngunit hindi iyon pansin ng hindi hinirang at ang sabi, "Walang saysay. Hala, sige. Ang tatanggapin namin ay ang dating

kaisipan." Ganiyan ang ginawa nila sa panahon ni Luther. Ganiyan ang ginawa nila sa panahon ni Wesley. Ganiyan din ang gi — ginawa nila ngayon, laging ganyan ang ginawa nila. Ngunit isa itong tanda, at may tinig na kasunod ang tanda. At ang tinig ay napagkikilalang isang Iskriptural na tinig. Ngayon, huwag ninyo iyang kalilimutan. Kaya ko iyan ipinasok ay dahil Baka hindi ko na kayo makitang muli. Sana ay may paraan upang makaparito Ako, at tipunin ang lahat ng mga kapatiran ko kung wala silang idinadaos na mga revival, magtatayo ako ng tolda, at uupo ako roon araw-araw, at ituturo ko ito hanggang sa totoong tumimo ito sa kanilang isipan. Ngunit ayaw Niyang ipahintulot, sa palagay ko. Kita n'yo, masyado na tayong malapit sa wakas . At naniniwala ako ng naririto na nga tayo sa wakas.

35 Sa aklat na lagi kong sinusulatan, noong 1933, isang umaga, papunta na ako sa Sunday school, sa Sunday school ng Baptist kung saan ay dati akong pastor, dumating ang Espiritu Santo at ipinakita Niya sa akin ang huling panahon, at may ipinakita Siya sa aking pitong bagay na mangyayari. Isinulat ko ang mga iyon. Nakasulat iyon sa isang lumang dilaw na papel. Sinabi Niya sa akin nang malinaw na malinaw kung paanong itatayo ng Germany ang Siegfried line, at kung paanong malaki ang magiging pagkatalo ng mga Amerikano roon, labing-isang taon bago pa man iyon gawin. Sinabi nito kung paanong lilitaw si Mussolini, at kung paanong pupunta siya sa Ethiopia, at kung paanong babagsak sa kaniyang paanan ang Ethiopia. At magiging kahiya-hiya ang pagkamatay niya, ititiwarik siya, at duduraan siya ng sarili niyang mga kababayan. At ang sabi ko ay may tatlong ismo, ang Komunismo, Fasismo, at Nazismo. Lahat ng ito ay hahantong mula sa Russia sa Komunismo, at wawasakin nito ang Catolisismo. Tingnan n'yo kung hindi ito mangyayari. Sinabi kong magiging mabilis ang pag-unlad. Ang sabi ko, nakakita ako ng mga kotseng parang itlog na nagdaraan sa kalsada. May mga kotseng tumaktakbo sa mga highway na may kung ano'ng uri ng konrol na hindi na hindi na kailangang giyahan ang mga ito. Nakita kong ang mga pamilyang Amerikano ay naglalaro ng checkers sa likuran ng kotse. Gawa na ang kotse ngayon, kung mayroon lang sanang highway na maaaring pagpatakbuhan nito. Ang munting kotseng Volkswagen ay korteng-korteng itlog, itlog na itlog. At ito'y . . . Lahat ng bilang ng kotse . . .Naiisip ba ninyo noong 1933 kung ano ang hitsura ng mga kotse noon kung ihahambing ngayon?

36 At pagkatapos ay muli niyang inihulang papayagan makaboto ang babae, at kung ano ang gagawin nila. At kung paanong ang bansang ito, na katipong Israel, ay naparito sa lupain at itinaboy ang mga katutubo at sinakop nila ang lupain. At ang naunang mga hari nila, sina David at Solomon, ay mga haring may takot sa Diyos. Hindi naglaon ay lumitaw sa tagpo si Achab. Ibinoto nila siya. Naging — naging makamundo ang iglesia. At nagkaroon Na tayo ng isang Lincoln at isang Washington. Tingnan n'yo kung anon a ang kinasapitan nito ngayon. Tingnan n'yo kung saan ito patungo. Saan kaya ito hahantong? Nasa panahon na tayo ng wakas, at isa itong tanda sa natural, akmang-akma. Pinaghahanda nito ang hinirang at kinukundena naman sa kahatulan ang hindi sumasampalataya. "Kung ang propeta ay isang tunay na propeta at natupad ang sinabi niya," sinabi ng Biblia sa Mga Bilang 12:6, "Pakinggan ninyo ang kaniyang babala," sapagkat nabindika na ito. Hindi na tao iyon. Ang — ang propeta ay isang tao. Ngunit ang tinig na galing sa sobrenatural na tanda ay isang Iskriptural na tinig. Bindikado ito. Kung gayon ay isa itong babala. Ang Biblia ay isinulat ng mga propeta, alalahanin n'yo, sa II Pedro 2 — 1:21 at gayon din sa Hebreo 1:1.

37 Ang Haliging Apoy para kay Moises ay isang tandang ang tinig ay Handa nang magsalita. Ipinakita ng Haliging Apoy na magsasalita na ang tinig. Isa iyong tanda. Isang Haliging Apoy. Dapat ay natatandaan pa ninyo ang nangyari sa Houston hindi pa kalaunan. Si Moises, isang propeta, isang tanda sa Israel na ang pangako ay napipinto nang matupad. Nang manaog si Moises at ipakita niya ang tanda ng isang propeta, alam kaagad nila na titipunin na Niya sila. Sakdal na sakdal talaga ang pagkakasaayos ng Salita ng Diyos. Sa bawat pagkakataon ay lagging gayon. Gaya ng sinabi ko kagabi, kung paanong ang Urim at Thummim, at lahat ng bagay ay laging tumutugon sa Diyos.

38 Kunin nating muli ang isa pang propeta, si Jonas. Isinulat ko rito ang unang kabanata ng Jonas, ang unang kabanata ng propesiyang ito. Si Jonas, na dumating galing sa tiyan ng balyena, ay isang tanda. Kita n'yo, mga pagano ang mga tao roon. Sumasamba sila sa mga diyos ng karagatan, at ang kinikilala nilang diyos ng karagatan ang balyena. Ngayon, maraming tao ang kumukundena kay Jonas. Lagi ko namang ipinagtatanggol si Jonas. Wala sa labas ng kalooban ng Diyos si Jonas. "Ang mga hakbangin ng Taong matuwid ay itinakda ng Panginoon." Gusto nating sinasabi, "Isa siyang Jonas." Ngunit kunin nga natin sa pagkakataong ito kung ano talaga ang halaga nito. Alam kong dapat ay sa Ninive siya magtungo. Ngunit pinasakay siya ng Diyos sa barkong iyon patungong Tarsis. At pinarating Niya ang unos na iyon sa dagat. Ang sabi ni Jonas, "Igapos ninyo ang aking mga paa't kamay. Ako ang may problema, ako ang dahilan nito," at itinapon nila siya. At may isang isdang lumalangoy sa tubig, isang malaking isdang lumunok kay Jonas.

Alam kong mahirap paniwalaan iyan ng agham.

39 Hindi pakalaunan, dito Sa Louisville, Kentucky, mga sampung taon na ang nakalipas, may nakahigang Balyena roon sa isang flatcar. At mayroon doong isang Ricky, masyado kasi siyang matalino at hindi niya iyon kayang kontrolin. Pinipilit niyang palabasin na nagsisinungaling ang Biblia. Ang sabi niya, "alam n'yo, lagi ninyong naririnig ang matandang kasabihan sa Biblia, na nilunok ng balyena si Jonas." Ang sabi niya,

"Tingnan nga ninyo. Ni hindi nga kasya ang bola sa lalamunan nito, eh; napakaliit nito. Paanong mangyayari na ang isang malaking lalaki ay mapupunta sa tiyan nito?" Ang sabi, "Kita n'yo na, isa lang itongmatandang kasabihan at maraming ganyan sa Biblia." Sobra na iyon sa — sa palagay ko. Ang sabi ko, "Sir, mayroon po akong gustong sabihin." "at ano naman ang sasabihin mo?" Ang sabi ko, "Alam mo, hindi kasi tama ang basa mo sa Biblia," Ang sabi ko, "Ayon sa Biblia ay espesyal ang balyenang iyon. Naghanda ang Diyos ng isang malaking isda. Espesyal ang isdang yon na lulunok sa kaniya. Nangyari nga. Hindi iyon karaniwang isda. Gagawa kasi ang Diyos ng Isang gawaing hindi pangkaraniwan, kaya ang kinuha Niya ay isa rin namang Di pangkaraniwang isda. Kita n'yo?" Hindi na siya uli nagsalita. Kaya't Naglaan ang Diyos ng isang espesyal na bagay.

40 Tulad ng batang babae . . . Minsan ay kagagaling lang niya sa tabernakulo, banat na banat ang pagkakasuklay ng kaniyang buhok hanggang sa ang mukha niya ay para nang binalatang sibuyas. Gano'n siya, bitbit ang kanyang Biblia, naglalakad siya . . . May isang matandang lalaki roon na ang ngalan ay Jim Dorsey, taga roon siya sa Utica. Isa siyang impidel, isang matandang sundalo. At — at hindi siya naniniwala sa Diyos. At sa bi niya, "Saan ka pupunta, dalagita?" Ang sabi niya "Uuwi napo ako." Ang sabi niya, "Anong iyang kipkip-kipkip mo?" Ang sabi niya, "Biblia po." Aniya, "Hindi ka naman naniniwala riyan, di ba?" At . . . Sabi niya, "Opo, naniniwala po ako rito." At ang sabi, "Naniniwala ka ba sa kuwento riyan tungkol sa balyenang lumunok kay Jonas?" Sagot niya, "Aba, opo. Naniniwala po ako sa bawat salitang nakasulat dito." Aniya, "Paano mong patutunayan iyan nang hindi ginagamit ang Pananampalataya, ang tinatawag mong pananampalataya?" "Aba." Aniya, "pagdating ko sa langit, tatanungin ko si Jonas." At ang sabi niya, "Paano kung wala siya roon?" Ang sabi niya, "Kung gayon ay ikaw ang kailangang magtanong sa kaniya.." Kaya't naiisip ko na magandang pangtuwid iyon. Kayat naisip ko na tama nga iyon. Kung sinabi ng Biblia na nilulon ni Jonas ang balyena, paniniwalaan ko iyon. Kaya niya iyong ihanda. Anumang sabihin ng Diyos, kaya Niyang isagawa. At lagi Niyang tinutupad ang Kaniyang Salita. Kaya't si Jonas, pinagtatawanan natin siya.

41 Ngunit napansin ba ninyo? Ang isda kapag lumalangoy, naghahanap ito ng makakain. At kapag kumakain ito, sumisisid ito sa pinakailalim at doo'y ipinapahinga nito ang mga palikpik nito doon sa pinakailalim. Pakanin ninyo ang mga goldfish ninyo at tingnan n'yo kung anong mangyayari. Pupunuin nila ang tiyan nila, pagkatapos ay sisisid sila at inilalapat nila sa ilalim ang kanilang mg apalikpik, at hihiga sila roon at mamamahinga sila. Buweno, ang malaking isdang ito ay dumating at nilunok niya ang propeta. At sumisid siya sa pinakailalim ng dagat na marahil ay apatnapung fathom Ang lalim. Sumisid siya nang napakalalim upang magpahinga siya sa ilalim ng dagat.

42 Ngayon, lagi nating naiisip si Jonas. At lahat na lang ay nagsasabi, "Ngayon, naipanalangin na ako, ngunit gano'n pa rin ang kamay ko." Naipanalangin na ako, ngunit gano'n pa rin ang pakiramdam ko." Huwag mong kakantiyawan si Jonas. Ngayon, tingnan n'yo ang mga sintomas na nasa kaniya. Ngayon, unang una, naro'n siya sa nag-aalimpuyong karagatan, at taliwas ang landas niya sa pinagsusuguan sa kaniya ng Diyos. Nakatali ang kanyang mga kamay at paa. Itinapon siya sa nag-aalimpuyo, nagngangalit na dagat, at nilamon siya ng isangbalyena at sumisid iyon sa ilalim ng dagat. At nakahiga siya roon sa suka sa tiyan ng balyena, may mga nakapulupot na damong dagat sa kaniyang leeg. At kung titingin siya sa gawaing ito, tiyan ng balyena. Tumingin siya sa gawaing iyon, tiyan pa rin ng balyena. Saan man niya ipaling ang paningin ay wala siyang Makita kundi tiyan ng balyena. Pag ang pinag-usapan ay kaso ng mga sintomas. Nasa kaniya ang sintomas. Ngunit alam ba ninyo kung ano'ng sabi niya? Ang sabi niya, "Ang mga Ito ay mga walang kabuluhang kasinungalingan. Hindi na ako titingin pa sa mga iyon. Ngunit minsan pa ay titingin ako sa Inyong banal na templo. Sapagkat si Solomon, isang likas na tao ng lupa, na nanalangin nang ihandog niya ang templo, ang sabi, 'Panginoon, kung ang Iyong bayan ay masadlak sa suliranin saan man sila naroroon, at kung titingin sila sa banal na dakong ito, kung gayo'y makinig ka mula sa Langit,'"

43 At sampalataya si Jonas sa panalangin ni Solomon.

At iniligtas siya ng Diyos sa balyena makaraan ang tatlong araw at Gabi. Marahil ay naglagay siya roon ng oxygen tent. Hindi ko alam kung ano ang ginagawa Niya, ngunit napanatili Niyang buhay siya sa loob ng tatlong araw at gabi ayon sa Salita. At tumpak ang salita. Buweno kung si Jonas, sa ilalim ng kalagayang iyon, nagawa niyang tuminging muli sa tabernakulong ginawa ng tao, gaano pa kaya kailangang ikaw at ako sa gabing ito ay tumingin sa templo kung saan ay nakatayo si Jesus sa kanan ng Kabunyian, ang sarili Niyang Dugo ang namamanhik batay sa ating pagpapahayag, sa ating mga maliliit na sintomas? Huwag ninyong kukundenahin si Jonas, at pagkatapos ay titingin kayo Sa kung ano ang diprensiya ninyo. Tumingin kayo sa pangako. Sinabi kasi ng Diyos. Nangako Siya at iyon na iyon.

44 Pansinin n'yo, lahat ng tao ay naroo't nangingisda at hinahatak nila ang kanilang mga lambat at mga bagay-bagay. Makalipas ang ilang oras, biglang lumutang ang diyos ng karagatan, ang balyena, mabilis na lumangoy patungo sa pangpang. Nagsiluhod ang lahat ng tao. Alam ng Diyos kung paano isasagawa. Ang mga bagay-bagay. At sumadsad siya sa pinaka dalampasigan at inilawit niya ang kaniyang dila. At nang gawin niya iyon, heto ang propeta lumalakad palabas ng bunganga ng balyena. Ang propeta ang . . . Iniluwa ng Diyos ang propeta doon mismo sa pangpang. Hindi nakapagtatakang nagsisi sila. Isa iyong

tanda. Si Jonah, dala ng isang balyena ay isang tanda. Ano'ng ginawa niya? Iyon ay isang tandang mula sa Diyos. Ano'ng sabi ng tinig? "Magsisi kayo O mapahamak sa loob ng apatnapung araw": Ang tanda ng Diyos, ang tinig ng Diyos. Sa tuwing Magpapadala ng tanda ang Diyos, isinugo ng Diyos ang kanyang tinig kasunod ng tanda. Pansinin n'yo, "magsisi kayo dahil kung hindi ay mapapahamak ang buong bayang ito."

45 Si Juan ang propeta, lumitaw sa ibabaw ng lupa makalipas ang apat na raang taong walang lumabas na propeta . . . Ang tanda makalipas ang apat na raang taon ay nagpakita, ang maikling panahong iyon na nagdaan . . . Ngayon, kung espirituwal kayo ay masasapo ninyo ang sinasabi ko. Buksan Nawa ng Diyos ang inyong pang-unawa. Gaano katagal na nga ba? Apat na raang taong walang propeta ang Israel. Napilipit na nang husto ang mga iglesia, at pagkatapos ay siya naming labas ni Juan sa tagpo. Si Juan ay isang propeta, isang tanda na ang Mesiyas ay magsasalita pagkatapos niya. Masdan n'yo, sapagkat ang sabi ng Malakias 3, "Isusugo Ko ang Aking mensahero sa Aking unahan upang ihanda niya ang daan, ihanda ang mga tao." Tingnan n'yo si Juan. Walang anumang pagiging makasarili sa kanya. Hindi siya kumukuha ng anumang kaluwalhatian. Tinangka nilang tawagin siyang Mesiyas, ngunit ang sabi niya, "Hindi ako karapat-dapat magkalas ng tali ng kanyang panyapak." Ngunit sa sandaling magpakita si Jesus, mayroon na siyang tanda: isang Haliging Apoy, isang liwanag sa kanyang ulunan, tulad sa isang kalapati na bumababa, may tinig na nagsasabi, "Ito ang Aking sinisintang Anak, na Aking kinalulugdan." Pansinin n'yo. At kaagad ay sinabi ni Juan. "Kailangan Siyang madakila; Kailangan kong bumaba." Ipinrisinta Niya ang iglesia kay Cristo. Amen.

46 Ang sabi sa atin, sa huling mga araw ay mauulit ito. May lalabas na Mesanheng magpapakilala sa Mesiyas sa mga tao. Mangyayari ito sa paraang ikagigitla nila katulad ng nangyari noon. Ipinangako Niya ito. Ang kasunod na kabanata ng Mateo — Malakias ang nagsasabi sa atin ng tungkol ito. Masdan n'yo. Nagtanong sila tungkol dito. Ang kalikasan ni Juan ang agpakilalang taglay niya ang espiritu ni Elias. Ngayon, pansinin n'yo ang dalawang propeta. Ngayon, si Elias na isang taong lumitaw sa panahong ang Israel ay nasa gitna ng kaguluhan. Hari si Achab. At lahat ng kababaihan ay nanglilibak na gaya ni Jezebel, marahil ay naka-tease din ang buhok nila, at lahat, marahil ay gaya ng nakikita natin ngayon. At lahat sila ay nagsigaya na kay Jezabel, at sa palagay ng mga pastor, "Ayos lang iyan. Hayaan lang natin sila. Hayaan nating gawin nila iyan." At sa pagkakataong iyon ay nagpalitaw ang Diyos ng isang lalaking galing sa ilang na ang ngalan ay Elias. Ni hindi nga natin alam kung tagasaan siya. Walang paaralang nagpakilala sa kanya. Ngunit lumitaw siya. At kinundena niya ang lahat ng iyon. Kinundena niya ang kabuuan nito. Kung darating siya sa tagpo ngayon, kukundenahhin din niya ang paraan natin. Kinundena niya lahat ng Jezabel. At nung huli, siya ang sumira sa propeta. tumakbo siya tulad ni Juan, nahiga sa silong ng punong kahoy na enebro,nung gusto siyang ipapatay ni Jezabel. Galit siya sa kaniya.

47 At pagkatapos ay makikita natin na nang muling lumabas si Juan sa ilang, mahilig siyang maglagi sa ilang, taglay ang mensahe para sa mga makabagong kababaihan, diborsiyada, pakakasal uli, at pakakasal uli, pinagtatagpas niya iyon. Hindi siya nagmula sa anumang paaralan; nagmula siya sa Diyos, isang lalaking isinugo ng Diyos. At kinundena niya ang makabagong babae, laban na laban siya sa kanila, at wala siyang suntok na pinigil. Tahasan niyang sinasabi na ang oras ay malapit na, magsasalita na ang Mesiyas. Tingnan n'yo iyan. Ngayon, ihambing ninyo ang unang pagdating ni Elias sa ilan sa mga Makabagong propeta ngayon, pinapayagan ang kanilang mga Jezabel na ang gupitan ang kanilang mga buhok, at magsuot ng shorts, manigarilyo, anumang naisin nilang gawin, akay-akay nila sila. Makabubuting huwag na lang magsalita. Baka iwan niya siya at humanap ng iba. Inaakay sila sa pamamagitan ng mga kredong gawa ng tao (kahiya-hiya.), mga aral ng tao. At sa pamamagitan nito winawalang bisa nila ang mga utos ng Diyos, Sapagkat maari silang sumapi sa iglesia at sabihing mga Cristiano pa rin sila, at hahawakan nila ang kanilang mga karapatan at sasabihin nilang mga Cristiano sila, at patuloy sila. Iyon ang gusto nila. Iyon ang ginawa nila noon. Ngunit alalahanin n'yo, nangyayari iyon sa gano'ng pagkakataon, gaya ng ipinangako ng Diyos sa Malakias 4, na tutuparin Niyang muli ang Salita. Tama. Tingnan n'yo kung nasaan na tayo ngayon, gaya rin noong panahon Ni Juan gaya rin ng nangyari sa ibang panahon.

48 Tingnan n'yo itong si Amos, nang palitawin siya. Matanda na siya. Hindi natin alam kung saan siya nagmula. Isa siyang tagapangalaga ng mga hayop. Kinuha siya ng Diyos mula sa pastulan ng mga tupa, at sa pastulan ng mga baka, at — at sinanay Niya siya. At nang dumating siya sa Samaria, at nang pumanhik siyang burol nung araw na iyon, tumingin siya roon at nasisinagan ng araw ang kaniyang panot na ulo, at abuhin na ang mga balbas niya, at naningkit ang kaniyang mga mata at nangislap iyon, kumurap ang makadiyos niyang mga mata. Hindi dahil sa mga tanawing nakikita ng mga turistang nagpupunta roon, ngunit dahil ang buong bayan ay nasadlak na sa kasalanan. Sino nga ba ang hindi kilalang taong ito? Oo, si Amos iyon, ang propeta Nanghula siya sa mga kaarawan ni Jeroboam II, isang masamang hari: Hinayaan niyang gawin ng tao anumang maibigan nila. Payag na payag din ang mga saserdote. Nagtayo sila ng naggagandahang mga simbahan. Napakaganda ng kasuotan nila; immoral ang mga kababaihan nila; Anumang maibigan nila siyang ibinibihis nila. Nagdagsaan ang mga turista Upang dayuhin ang naggagandahang mga dilag at ang kanilang mga pagwawala, para iyong isang modernong U.S.A., naturingang bayan ng Diyos. Walang gustong magsalita. Tila may kung anong humahawak sa mga

tao. Labing walong taon na ngayon, ang aking si Rebekah ay labing walong Taong gulang na ngayon, labing walong taon ko nang tinutuligsa ang bansang ito at kinukundina ang mga bagay na ito. At pagbalik ko sa kasunod na taon, lalo namang dumarami ang mga babaeng maiikli ang buhok kaysa dati.

49 Isang dakila, sikat na mangangaral na Pentecostal ang nagdala sa akin Sa isang silid, may isang taon na ngayon, mahusay, kilala, sikat sa buong mundo. Ang sabi niya, "Ako . . . Brother Branham, papatungan kita ng kamay at ipananalangin kita," Ang sabi ko, "Wala akong sakit." Ang sabi niya, "Ngunit may mali." Ang sabi niya, "Brother Branham, sisirain mo ang iyong ministry. Walang makikipagtulungan sa iyo. Kaya pala ayaw nang makipagtulungan ng mga mangangaral sa iyo. Ganoon na lang kasi kundenahin mo ang kababaihan." Ang sabi niya, "Itinuturing kang propeta ng mga taong iyon," Ang sabi ko, "Kailan man ay hindi ko sinabing propeta ako." Ang sabi niya, "Ngunit iyon ang palagay nila." Ang sabi niya, "Iyon din ang paniwala ko." Ang sabi niya, "Tinatawag ka upang manalangin sa mga maysakit," Ang sabi niya. "manalangin ka na lang sa maysakit at lubayan mo ang kababaihan. Sasaktan mo lang ang damdamin nila." Ang sabi ko, "Paano?" Ang sabi niya, "Lagi mong nababanggit ang maikling buhok nila at an iba pa." Ang sabi ko, "Mali iyan. Sinabi ng Biblia na ang babaeng maggugupit Ng kanyang buhok, may karapatan ang asawa niyang idiborsiyo siya." Tama nga. Winawalang galang kasi niya ang kaniyang ulo, ayon sa Biblia. Ngayon, ewan kung gusto ninyo iyan o hindi, ngunit iyan ang sabi ng Biblia, Unang Corinto . . . [Patlang sa tape —Ed ]

50 . . . napakasikip nito hanggang sa nasa na ang balat. At pagkatapos, da - darating sila at magsasabi, "Aba, Mr. Branham, iyan na lang kasi ang ibinebenta nilang damit." Nagtitinda rin sila ng tela at mga makinang panahi. Walang maidadahilan. Ang kababaihang Amish at Dunkard ay nagsusuot pa rin nito. Tingnan n'yo. Anong' nayayari? Magsisilabas sila roon at magwawala. May isang Babaeng nagsabi, "Buweno, Mr. Branham, hindi ako nagsusuot ng Shorts. Ang sinusuot ko ay . . ." Ano nga ba iyon? . . . Pedal . . . ? Siyanga. Ang sabi, "Iyon ang isinusuot ko." Ang sabi ko, " Mas masama iyan." Sinasabi ng Biblia na karumaldumal sa isang babae ang magsuot ng damit panlalaki." At ano'ng uri bang maruming tanawin itong Estados Unidos ngayon? Tama. May sasabihin ako sa inyo, mga kapatid kong kababaihan. Maaaring Singdalisay kayo ng lirio sa inyong asawang lalaki o sa inyong boyfriend. Ngunit sa araw ng paghatol ay mananagot ka sa salang pakikiapid. Sinabi ni Jesus. "ang sinumang tumingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nakiapid na sa kanya." Kung tiningnan ka ng makasalanang iyon at kailangan niyang managot sa araw ng paghatol, ikaw ang naglantad ng sarili mo sa kaniya. Bahala ka. Bakit gugustuhin ng isang babeng makadiyos ang magsuot ng gano'n? Pagkatapos sasabihin mong nasa iyo ang Espiritu Santo dahil nagsalita ka Ng Ibang wika, at nagtatakbo ka sa sahig. Hindi iyan . . . Nakakita na ako ng Mga paganong gumagawa ng ganyan: mga taong bundok. Ang Espiritu Santo ay kadalisayan, banal, hindi nahahawahan. Amen.

51 Ang sabi ng lalaking iyon, "Kung ika'y . . . Ang paniwala nila'y isa kang propeta, bakit hindi mo na lang sila turuan kung paanong silang makatatanggap ng mga kaloob na espiritwal, at kung paano nilang isasagawa ang mga bagay-bagay para sa Diyos? Ba't di mo sila turuan ng gano'n kung totoong propeta ka?" Ang sabi ko, "Paano ko silang tuturuan ng Algebra samantalang ni hindi pa nga sila natuto ng abc? Alam ba ninyo kung ano'ng ibig ng ABC? Always Believe Christ (Laging Sumapalataya kay Cristo.) Paano n'yong magagawa iyon? Kita n'yo, nais n'yong makarating kaagad sa pinakaitaas, sa halip na magsimula kayo rito sa ibaba.

52 Kanyang Iglesia sa ibabaw ng pundasyon ni Jesus Cristo, at iyan ang Biblia. Sa labas nito, lahat ng ibang lupa ay kumunoy na.

Hindi nagbabago ang Diyos. Hindi nagbabago ang Kanyang kalikasan.

53 Ginawa Niyang iba ang kababaihan sa kalalakihan, at iba ang kalalakihan sa kababaihan. Binihisan Niya sila nang magkaiba at nais Niyang Manatili silang gayon. Ang mga babae ay nais magmukhang lalaki, at ang mga lalaki naman ay nais magmukhang babae. Ay, naku. Ang pambabaluktot na ito ay . . . At ang kabuuan nito ay tila baga humawak sa mga tao, at hindi mo na ito mababago. Mistula na itong isang higanteng halimaw, isang pusikit na kadiliman, kung nauunawaan n'yo ang sinasabi ko, sa espiritu.Nadaklot ng halimaw, at — at hindi na sila makatakas. Sobra naang Hollywood, sobra na ang telebisyon, sobra na ang iba pang mga bagayna walang kabuluhan, lahat ng nasa atin ngayon ay napakarumi na. Kaya pala kung hindi paiikliin ang gawa alang-alang sa hinirang, walang lamang maliligtas. Ang sabi mo. "Ngayon ko lang iyan narinig." Buweno, ngayon ay alam mo na. Kita n'yo Iyan ay . . . Makabubuting itigil ko na iyan. Magbalik tayo.

Pansinin n'yo.

54 Si Juan ay nagsilbing isang tanda. At tandaan ninyo na ung paano iyong ginagawa ng Diyos nung unang pagkakataon, gano'n din y gagawin Niya sa Susunod. Ipinangako Niya iyan. Ngayon, kailan man ay hindi gumamit ang Diyos ng isang lupon ng mga tao para sa layuning iyon. Alalahanin n'yo minsan ay may isang kalipunan ang isang dakilang taong nagngangalang Achab. Mayroon hindi mga paganong propeta ang mga iyon, propetang Israelita. Ngayon, hindi mga paganong propeta ang mga iyon, apat na raan

silang mga propetang Israelita. Lahat sila ay titulado at lahat, at mayroon sila noong isang malaking paaralan. May isang makadiyos na lalaki na ang ngalan ay Joshaphat na noon ay hari sa Judah. At dumating siya, at dito na napasama ang isang mananampalataya sa isang di mananampalataya. Nagkaproblema sila. At ang sabi niya, "Ang Ramoth-Gilead . . ." Ngayon ay masdan n'yo ito, kung gaano ito katotoo. Ang sabi niya, "Atin ang RamothGilead, doon sa bahaging iyon ng lalawigan. Atin iyon." Si Josue nang hatihatiin niya ang lupain, ibinibigay niya iyon sa Israel, at Ang mga Filisteo, mga pagano, ay nagsidating at inagaw iyon sa kanila. Ang Sabi niya, "atin iyon." Ngayon, masdan n'yo ngayon kung paanong ang mga tao ay tama kung Ang pag-uusapan ay ang pagiging pundamental, ngunit hindi nila ito nakikita. Ang totoo ay pag-aari nga iyon ng Israel. Ngunit lahat ng mga pangako ng Diyos, kapatid, ay may kundisyon (Kita n'yo?), kung lalakad sila sa hara Ng Panginoon.

55 Ngayon, tingnan n'yo ito. Ang sabi niya, "Sasama na kayo sa akin at Tutulungan ninyo akong mabawi ang lupaing iyon? Aba, ang . . .Ang mga Anak ng mga Filisteo ang nagpapakabusog sa trigong pag-aari ng Israel."Tugma iyon sa Kasulatan. Ang sabi niya, "Tulungan n'yo akong umahon Doon upang kunin ang mga iyon." Ang sabi niya, "Buweno, ang aking . . . " Doon siya nakagawa ng Malaking pagkakamali. "Ang aking mga karuwahe ay iyo. Ang mga tauhan Ko ay tauhan mo rin. Sasama ako sa iyo."At nagsimulang mag-isip si Josaphat, alam n'yo na. "Hindi kaya dapat Muna nating konsultahin ang panginoon bago tayo pumaroon?" "Oh, siyempre naman," wika ni Achab. "Tiyak nga. Ako'y . . . Ipagpaumanhin mo. Dapat ay naisip ko iyon." "Mayroon bang propeta rito?" "Oh, mayroon. Mayroon — mayroon akong isang seminaryong puno ng mga iyon dito, pinakamahusay sa lahat ng nakita mo. Lahat sila ay magagara ang kasuotan; sila ang pinakamahusay na iskolar; Pinag-aral ko sila nang husto. Ipapatawag natin sila."

56 Kaya't nagpunta sila roon, at nagtipun-tipon sila. Hindi sila mga mapagpaimbabaw. Hindi sila tumitigil ng kadadasal hanggang sa makakita sila ng pangitain. At umahon sila. At isa sa kanila ang gumawa ng dalawang malalaking sungay na yari sa bakal. Ang sabi niya, "Sa pamamagitan nito ay maitataboy ninyo ang mga Filisteo, o ang mga Siriano palabas ng bansa." Ang sabi niya, "ITO ANG SABI NG PANGINOON. Humayo kayo. Kasama ninyo ang Diyos." Nang magkagayon ay napasa-espiritu silang lahat, mga propetang Israelita. Ang sabi, "Humayo kayo. Kasama ninyo ang Diyos." Sasabihin mo, "Iskriptural ba iyon?" Ibinigay ng Diyos ang manang Iyon sa bayang iyon at sinakop iyon ng kaaway. May karapatan kang pumaroon upang bawiin iyon. Ngayon, mga Pentecostal, nais kong matuto kayo ng leksiyon dito. Ngunit si Josaphat, palibhasa'y makadiyos na tao, ang sabi niya, "Parang mayroon pa ring mali." Ang sabi niya, "Mayroon pa bang isa?" "Isa pa. Matapos na tumayo rito ang apat na raang propetang hasang-hasa kasing dami ng taong narito sa ibaba, nagkakaisa sila, ang sabi, 'ITO ANG SABI NG PANGINOON'? Bawiin natin iyon at sabihin, 'Ibinigay ni Josue Ang lupain sa atin. Atin iyon. Humayo kayo't kunin n'yo.'" Ngunit naghanap pa ng isa si Josaphat. Aninya, "Hindi kaya mayroon pang isa na maari nating pagtanungan kung ano'ng kalooban ng Panginoon?" Ang sabi niya, "Oh, mayroon pa ngang isa, ngunit, aniya, Galit ako sa kaniya." Aniya, "Si Micheas na anak ni Imla." Aniya, " Galit ako sa kaniya. Lagi na lang masama ang sinasabi niya sa akin." Ang sabi. "huwag namangsabihin iyan ng hari. Ipatawag mo siya."

57 At nagpatakbo sila ng mga tauhan doon, at ang sabi ng ilan sa kanila, "Ngayon, Micheas, may sasabihin ako sa iyo. Ngayon, alam mong itiniwalag ka nila sasamahan hindi pa katagalan, dahil wala ka nang ginawa kundi magsalita ng masasamang bagay tungkol sa mga tao. Ngayon, kung gusto mong magkaroon uli ng tarheta, sabihin mo ang katulad ng sinasabi nila. At, oh, malugod ka nilang tatanggaping muli." Ngunit ang kaso ay isa pala siyang tunay na propeta. Ang sabi niya. "Habang nabubuhay ang panginoon, ang sasabihin ko ay kung ano lang ilagay ng Panginoon sa aking bibig." Hmmm. Pagpalain ng Diyos ang lalaking iyon. Ang sabi niya, "Maghintay Kayo hanggang mamayang gabi. Titingnan ko kung ano'ng sasabihin sa akin ng Panginoon." Kinabukasan ang sabi niya, "Humayo kayo. Ngunit nakita ko ang Israel na nagpangalat tulad ng mga tupang walang pastol." At kinuha niya ang kaniyang pangitain, at inihambing iyon sa sinabi ni Elias na mangyayari kay Achab. Paano nga naman niyang pagpapalain ang isang bagay na naisumpa na?

Kahit gaano pa . . .

58 Isa tayong makadiyos na bansa. Ang iglesiang Pentecostal, ang mga Baptist, at mga Metodista, at ang iba pa ay mga iglesiang Cristiano. Ngunit paano mong pagpapalain ang bagay na isinumpa na ng Diyos? Hindi iyan mahalaga sa akin. Sasabihin mo, "ka — kasapi ako nito; gumagawa ako ng ganito." Wala iyang kinalaman dito. Tingnan n'yo kung ano'ng ginawa ninyo. Tingnan n'yo ang Pentecostal, kung paanong ibinaba na nila ang kanilang pamantayan. Tingnan n'yo kung ano kayo noon, at tingnnan n'yo kung ano kayo ngayon. Hindi nakapagtatakang nabulag na — nabulag na ang kanilang mga mata.

59 At siya — si Achab . . . Tinampal siya ng saserdote sa bibig at ang sabi, "Ilagay siya . . ." Ang sabi ni Achab, "Ikulong siya sa panloob na kulungan. Pag nakabalik Akong mapayapa, saka ko na haharapin ang taong iyan." Ang sabi niya, "Kung makakabalik ka pa, hindi nangusap ang Diyos sa akin." Kita n'yo? Hayun ang propeta; hayun ang tanda; hayun ang kanyang tinig. At ang Hindi pagtalima dito ay nagdala ng kahatulan. Ang Espiritu Santo ang propeta natin ngayon. Huwag ninyong pakinggan ang kaniyang tinig . . . Ipinakilala siya sa Kasulatan na ipangungusap niya ang mga bagay na ito, si Jesus Cristo sa anyo ng Espiritu Santo.

60 Nakitungo ang Diyos sa isang taong ito. Ito . . . kailan man ay hindi nakikitungo ang Diyos sa mga grupo; isang tao lang. Si Elias ay hindi isang grupo. Si Juan ay hindi isang grupo. Hindi sila isang grupo o denominasyon, alin man sa kanilang dalawa. Kapwa nila kinundina ang mga iyon. Tama. sinabi ni Juan, "Huwag ninyong sasabihin, 'Si Abraham ang aming ama' Magagawa ng Diyos na magpalitaw ng mga anak ni Abraham mula sa mga batong ito." At ang pangunahing tanda ay magkakaroon ng panghuling kapanahunang tinig. At ang panghuling kapanahunang tanda ay aakma sa hula sa Biblia. At ang panghuling kapanahunang tinig na kasunod ng hulingkapanahunang tanda ay maipakikilala sa Kasulatang naipangako. Ngayon. Nabasa natin sa Lucas 17 kung ano ang panghuling Kapanahunan tanda, magiging katulad ito ng nangyari sa Sodoma, pangako ito. At naririto na ang Sodoma sa atin sa natural. Bakit hindi natin mapaniwalan ang tanda sa espiritwal dito, kung nakikita rin naman ninyo ang mga Kasulatan. Ang Lucas 17 ang tanda, at ang Malakias 4 ang tinig. Ang tanda ay tulad sa Diyos na nahayag sa laman, nakakikilala ng mga haka ng puso ng tao. At ang tinig ng Malakias 4 ang naglalayo sa puso ng mga tao sa kanilang mga kredo, pabalik sa pananampalataya ng mga magulang. Iyan ang tanda.

61 Alam ninyo? (Magtatapos na ako.) Karaniwang tinatanggap ang mga Tanda (Siyanga.) ngunit ang tinig, oh, hindi. Ang tinig na kasunod ng tanda, Ayaw nila no'n. Oo. Ang tanda ni Jesus bilang Mesiyas na nagpapagalingNg maysakit, tinanggap nila iyon. Ngunit isang araw ay sinabi Niya, "Ako at ang Ama ay iisa," Ay, naku. Hindi tinanggap ang tinig na iyon. Ang sabi nila, "Ginagawa mong Diyos ang sarili mo." Aniya, "Ako ang Anakng Diyos." Ay, naku. "Paanong magkakaroon ng anak ang Diyos?" Kita n'yo? "Hindi Mangyayari na magkaroon ng anak ang Diyos." Ngunit nakikita ba ninyo, pinaniwalaan nila ang tanda, mapapagaling ang maysakit, at oh, napakaganda no'n, napakaganda no'n. Ngunit pagdating sa tinig, ayaw nilang paniwalaan ang tinig. Ano'ng ginawa nila? Pinalabas nila Siya. At alam ba ninyo? Sinasabi sa atin ng Biblia sa ikatlong kabanata ng aklat ng Apocalipsis, na dito sa kapanahunan ng iglesiang Laodicea, ay gayon din ang gagawin sa Kaniya. Nasa labas Siya ng iglesia. Iyon ang Salitang nahayag. Siya ang Salitang nahayag. Siya pa rin ang Salitang nahayag.

62 Kung kaya ninyong paniwalaan ang tanda ng Sodoma, ng Lucas, kung kaya ninyong paniwalaan iyan, kung gayon ay bakit hindi ninyo matanggap ang tinig ng Malakias 4. Kita n'yo? Bakit? Maari itong mabindika. Ang tanging paraan para gawin ito ay kung mapatutunayan ang tanda, ngunit kailangan mong tanggapin ang tinig. Inutusan si Moises upang pumaroon sa natural at kumuha siya ng isang tandang espiritwal, at tawagin ang bayan pabalik sa pangako ng mga magulang. Ang gagawin ng malakias 4 ay ang ipanumbalik ang bayan sa pananampalataya ng mga magulang. "Oh, magsibalik kayo, O mga binulag, mga nagpangalat, sa sariling lupain."

63 Sa pagwawakas ay sasabihin ko ito, ang pangunahing pahayag na ito Ang sabi ng propeta, "Magkakaroon ng liwanag sa oras ng gabi." Tingnan n'yo. Ang sabi Niya ay darating ang isang araw na hindi matawag na araw o gabi. Ngayon, makinig kayo. Magwawakas na ako. Darating ang isang araw . . . Hayaan n'yong bumaon ito nang malalim. At nawa ay ilagay ito ng Diyos sa lahat ng puso sa komunidad na ito sa gabing ito. Sa oditoryum na ito. Sinabi ng propeta na darating ang isang araw na hindi matatawag na araw o gabi, para itong mapanglaw, maulan, mahalumigmig na araw. Ngunit ang sabi, sa oras ng gabi ay magliliwanag. Ngayon, alalahanin n'yo, laging sumisikat ang araw sa silangan at Nagtutungo sa kanluran. Sinusundan ng kabihasnan ang araw. Alam n'yo iyan. At pansinin n'yo, ang araw na sumisikat sa silangan ay siya ring araw na lumulubog sa kanluran. Ngayon, naglakbay ang kabihasnan kasabay ng araw, hanggang sa ngayon ang silangan at kanluran ay nagtagpo na. Naririto na tayo sa kanlurang dalampasigan; silangan at kanluran . . .

At alalahanin n'yo, ganito rin naglakbay ang ebanghelyo. Sumikat ito sa silangan, ang pagdating ni Jesus cristo, ang S-o-n, hindi ang s-u-n, kundi ang S-o-n. Ang Anak ng Diyos ay sumisikat sa silangan sa mga taga silangan. At ngayon ay naririto na ang araw kung saan ang mga tao ay sumapi na sa mga iglesia, nagsigawa na ng mga denominasyon, sapat lang ang taglay nitong liwanag upang makakita, "Buweno, magtatag tayo ng iglesia. Magtatayo tayo ng ganito, magtatayo tayo ng paralan. Magtatayo tayo ng ospital; magbibigay tayo ng edukasyon; magkakaroon tayo ng seminaryo." Sapat lang ang taglay nilang liwanag upang gawin iyon.

64 Ngunit alalahanin n'yo na sinabi ng Biblia, ng propeta ng Panginoon sa Biblia, at ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON, ang araw na sumikat sa Silangan ay muling sisikat sa kanluran sa oras ng gabi. Magliliwanag sa oras ng gabi.

65 Ano'ng gagawin Niya? Kung ano ang sinabi Niya sa ika-17 kabanata ng Lucas. Sa huling kapanahunan kung kailan naipapahayag ang Anak ng tao sa paraang gaya ng naganap sa silangan, ang siya ring Anak na sumisikat, ang siya ring kapangyarihan, ang siya ring Espiritu Santo, iyon din, iyon parin ang ginagawa, magkakaroon ng liwanag sa oras ng gabi. Ang siya ring Anak na naglakbay . . .ang siya ring S-o-n na naglakbay, dumaan sa silangan mula kay Pablo, lumukso sa Germany kay Martin Luther, muling lumuksosa kasunod na hatak at mula roon ay nagtungo iyon sa Inglatera kay John Wesley, Tumawid iyon sa Atlantic Ocean patungong Estados Unidos sa Pentecostes. At ngayon, humupa na ang Pentecostes, at narito na tayo sa Baybayin. Bawat isa sa mga iyon ay naging denominasyon na, gaya ng ginawa nila noong pasimula, gumawa sila ng organisasyon na isinumpa ng Diyos. Ginawa iyan ng Pentecostes at ng

lahat.

66 Ngunit ang sabi niya, "Liliwanag sa oras ng gabi," Lilitaw ang isang tanda sa oras ng gabi. Huwag ninyong palalampasin ito, mga kaibigan, huwag n'yo itong palalampasin.

Ngayon, ang dating araw ay nagbibigay ng dating liwanag. Ang dating su-n ay nagbibigay ng dating s-u-n light. Ang dating S-o-n ay nagbibigay ng dating S-o-n light. Hindi sa akin ang Kasabihang iyan. Lahat ng nakakaalam dito na ang Biblia ang may sabi niyan, itaas ninyo ang kamay ninyo. Tama nga. Ngayon, maari ninyong . . . Nasa inyo iyon. Sampalatayanan ninyo na ang Anak ng Diyos, si Jesus Cristo, ay nag— hindi Siya patay. Buhay Siya. Nagpapakumbaba Siya, mapagpakumbaba. Lagi siyang gayon kung Manahan. Ang daan pataas ay sa ibaba; magpakumbaba kayo. Layuan ninyo ang mga pormal ninyong kaisipan at sampalatayanan ninyo ang Panginoong Jesus. Tingnan n'yo ang tanda, pagkatapos ay pakinggan ninyo ang tinig. "Magsibalik, mga nagpangalat sa inyong sariling bayan" Magsiyuko tayo. At kung hindi sila maniniwala sa tinig ng unang tanda sa kamay, tulad ng kay Moises, gawin mo ang ikalawang tanda. At kung hindi pa rin sila maniniwala sa tandang ito, kumuha ka ng tubig(tubig na kumaktawan sa buhay) iyon ay sa dagat — o tubig-dagat, ibuhos mo iyon sa lupa; magiging dugo iyon."

67 Makalangit na Ama, napakahuli na ngayon. Ngunit ipinangako Mong magliliwanag sa oras ng gabi. Nawa ang tinig ng Ebanghelyo ay bumaon ng malalim sa puso ng mga tao habang pinagbubulay-bulayan nila ito at pinag- aaralan sa Salita. Pagpalain Mo ang komunidad na ito, Panginoon. Pagpalain Mo ang mga taong ito. Nakikita Mong nakaupo sila rito at nagugutom, ang kawawa nilang mga anak ay nagluluko, hindi mapakali, at ito, alam Mong gawa iyan ni Satanas Upang bulagin sila pagdating ng bagay na ito. Nawa ay pagkaisahan nilang sumampalataya kay Jesus Cristo, paniniwalaan nawa nila ang pangako Niya na nagbangon Siya sa mga patay. Sinabi Mo, "Sa oras na hindi nila inaasahan, doon darating ang Anak ng tao," kung kailan ang iglesia ay mayroon nang . . . Higit ang perang halaga nito, nagtatayo ng milyunmilyong halaga ng mga gusali. Mas mabuti pa, Ama, sa paniwala ko kung tatayo na lang sila sa kanto, gaya ng ginagawang Salvation Army, kaysa maupo sila sa mga naglalakihang morgeng ito sa gabing ito, pilit silang gumagaya sa sanlibutan, may anyo ng kabanalan ngunit itinatanggi ang kapangyarihan nito. Itulot Mo po, Panginoon, minsan pa sa gabing ito," mabunyag nawa na Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos, siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. At magpakilala Ka sa aming kalagitnaan, upang Makita nila ang tanda. Marahil ay magawa nilang paniwalaan ang tinig. Ito ang hiling ko sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

68 Tatawag na kaagad tayo ng pila ng panalangin. Nakita kong talagang oras na ngayon upang magwakas tayo. Ngunit magdaos tayo ng pila ng panalangin, at pagkatapos ay magsimula tayo bukas. Namigay siya ng mga prayer card ngayon. Kaya nga . . . Namimigay kami ng mga card araw-araw, nang sa gayon ay magkaroon ng pagkakataon ang bawat isa kung darating sila ng alanganing oras. Ang pagpila sa pila ng panalangin, hindi iyan ang magpapagaling sa inyo. Alam ng lahat na bawat gawain, mas marami pa ang gumagaling diyan sa ibaba, kaysa dito sa itaas (kita n'yo?) lagi iyan. Ang Espiritu Santo ay nasa lahat pa rin ng dako. Naghahanap lang siya ng mga mananampalataya; iyon lang ang maaari Niyang puntahan.

69 Namigay kami ng prayer card P, gaya ng sa Pablo. Ating . . . Saan ba tayo galing? Buweno simulan natin ang pagtawag sa 1.1,2,3,4,5,6,7,8, 9,10. Patayuin natin sila rito kung maari. Ang prayer card P. gaya ng sa Pablo, 1 hanggang 10, tumatayo kayo rito sa gawing ito, kung magagawa ninyong tumayo. Kung hindi, may tutulong sa inyo. 10.1,2,3,4,5,6,7,8. Sige, dalawa pa, 8,9,10. Sige. 10 hanggang 15, 10 hanggang 15. Lima pa. 15 hanggang 20, tumayo kayo, para Makita ko kung pumapanhik kayo. P-15 hanggang 20 20 hanggang 25. Kita n'yo, ngayon, san man kayo naroroon, ngayon sana ay maging Magalang ang mga tagapakinig saloob ng ilang minuto. Iyan ay prayer card P-1 hanggang 25, hindi nga ba 25? 1 hanggang 25.

70 Ngayon, ang lahat ng iba ay maging tunay na magalang. Bigyan n'yo ng kaunting paggalang ang Diyos. Bigya n'yo ang Mensahe . . . Dapat lang na gawin ninyo ito sa Diyos. Magmasid lang kayo sandali at pag-ispipan ninyo ito. Ngayon, palagay ko ay pinaghahanda na nila ang mga tao. Yaong mga ayaw . . . Kung mayroon silang hawak na prayer card, hindi pa sila nakapilang lahat. Malalaman din nila. Sasabihin nila sa akin sa loob ng ilang minuto, pagkatapos ay . . . sa gayon ay makikita natin kung mayroong isang bingi marahil, o kung mayroong isa rito na hindi kayang . . . Hindi ko alam kung nasaan sila, mga kaibigan, ang mga prayer card. Ang binatang iyon ay nagpupunta rito . . . Sino ba ang namigay ng mga card? Ikaw ba, Billy. Buweno, nagpupunta siya rito at binabalasa niya ang mga card sa harap ninyo. Pagkatapos ay bibigyan niya kayo ng prayer card. Kita n'yo? Hindi ko alam kung nasaan ang mga iyon. Sinisikap kong papanhikin dito ang batang ito (Kita n'yo?) pati na ang iba. Hin — hindi ko alam. Walang paraan upang malaman ko iyon. Palagay ko ay sadyang itinalaga ng Diyos na magkaganiyan.

71 Ngayon. Ngayon, ang iba sa inyo na walang hawak na prayer card, itaas ninyo ang inyong mga kamay, sabihin n'yo, "Wala akong prayer card, ngunit may sakit ako." Itaas ninyo ang inyong kamay, nasaan man kayo sa loob ng gusaling ito. Kahit nasaan kayo, itaas n'yo ang inyong . . . Buweno, hindi masyadong maraming tao ang naririto kung gayon. Hindi. Kung iyan ang pagbabatayan, hindi masyadong

magtatagal ang prayer line bukas. Mayroong dalawampung katao ang naririto sa loob bukod sa mga nakatayo rito, ang maysakit. Mabuti. Nagagalak akong Makita na tinatanggap ninyo yan nang ganiyan. Mas malaki ang pananampalataya ninyo kaysa sa akala ko, marahil. Kita n'yo, kita n'yo? Kung tinanggap na ninyo ang kagalingan ninyo, itapon na ninyo ang card ninyo, pagpalain kayo ng Diyos. Iyan ang tunay na totoong pananampalataya. Walang nagpatong ng kamay sa iyo; ipinatong mo ang kamay mo kay Cristo. Ngayon, sa mga naririto ngayong gabi na hindi napabilang sa pila ng panalangin, naniniwala ba kayo sa kuwentong ito, tulad ng babaeng humipo sa laylayan ng Kaniyang damit? At lumingon Siya at napagtanto Niyang hinipo niya Siya. Ilan ba ang nakakaalala ng kuwento? Tiyak namang naalala n'yo ito. Ngayon, naniniwala ba kayo na Siya . . . Sinabi ng Biblia sa Hebreo 4 na Siya ang Punong Saserdote ngayon, na maaaring mahipo ng ating mga pagdaramdam? Buweno, kung hindi Siya nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man, hindi ba't pareho pa rin ang ikikilos Niya? Hindi ba't ito nga ang ginagawa Niya rito gabi-gabi? Ilan ba ang nakadalo sa ibang mga Gawain natin at nakita ninyong ginawa Niya iyon? Itaas lang ninyo . . . Kita n'yo, buong mundo ito. Kilala ka Niya. Alam niya ang lahat ng tungkol sa iyo.

72 Ngayon, nakikita ba ninyo kung ano'ng sinisikap kong gawin? Ilan ba ang nakauunawa kung ano'ng nais kong ipagawa sa inyo? Kita n'yo Nais ko na kahit walang magpatong ng kamay sa inyo . . . Nais ko na ikaw, bilang isang totoong pag-aari ng Diyos, sabihin mo, "Jesus Cristo, sumasampalataya ako sa Iyo. Tinatanggap Kita ngayon bilang aking tagapagpagaling. Tinatanggap Kita ngayon bilang aking tagapagligtas. Sinasampalatayanan ko ito nang taos sa aking puso. Naisagawa na ito." Kung gayon ay hawakan mo ang pangako. Hawakan mo ang iyong ipinahayag na paniniwala at lumakad kang pasulong nang taglay ito. Masdan n'yo kung ano'ng mangyayari. Kita n'yo? Ngayon, iyan ang nais kong ipagawa sa inyo, ang tunay na paraan ng paniniwala. Ano'ng sabi mo? Number 4, prayer card number 4, at ang number 19 ay nawawala. Prayer card 4. Maghanap kayo ng isang . . . Tingnan n 'yo ang card ng katabi ninyo. Prayer card number 4 at number 19. Sige. Sandali lang. Buweno, nakikita ba ninyo, kung hindi ko sila tatawagin, tatalbog iyon sa akin. Kita n'yo? Ano kamo? Ano kamo? Hawak mo ang 4. Ito kayang . . . Number 19. Ano kamo? Wala pa ang prayer card number 4, o ang 19. Sino man ang May hawak ng mga card na ito, kung maaring pumila kayo rito, o tingnan n'yo (Kita n'yo?) maaring iyo'y . . . Iyan bang — mayroon bang hawak na prayer card ang batang lalaking iyan? Pakitingnan nga. Hindi ba iyan . . Hindi iyan ang numerong hinahanap natin. Ito bang babaeng ito na nakaupo sa wheelchair ay may card? Tingnan n'yo ang numero niya. Iyan ba, iyan ba ang numero niya? Ang babae sa tiheras? Nasa kanila; nasa . . . Narito nang lahat. Okey. Mabuti. Ngayon, ngayon, ang mga may hawak na parayer card, hawakan lang ninyo ang mga iyan. Maglilingkod tayo sa biyaya ng Diyos.

73 Ngayon, mga kaibigan, dahil ito ang huling gabi natin, bukas kasi ay Linggo ng hapon, manahimik tayo. Ngayon, iwaksi lang ninyo ang lahat ng pag-aalinlangan ninyo, sampu ng bawat kaisipang hindi makatwiran, at ilapag ninyo sa sahig, at tapakan ninyo ang mga iyan. Sabihin ninyo, "Panginoong Jesus, sasampalatayanan kita," Ilan ba ang gagawa niyan? Salamat. Pagpalain kayo ng Diyos. Ngayon, walang aalis; maupo lang kayo nang tahimik at manampalataya kayo. Tumingin kayo rito. At ngayon, tingnan n'yo. Ang pagkakakilanlan ng Diyos noon pa man ay ang pagkaalam Niya, nakikita Niya kung ano'ng nangyayari, at nagagawa Niyang sabihin kung ano'ng nangyari.

Paano na nga iyon? O kung ano ang mangyayari. Alam natin iyan. Ganiyan nakikilala ang mga propeta. Ganiyan nakilala si Jesus bilang Mesiyas. At Siya pa rin ngayon ang dating Mesiyas. At hindi pa rin nagbabago ang Mesiyas na ito ngayon, tulad pa rin Siya ng kahapon, wala pa nga lang Siyang katawang corporal dito sa lupa ngayon.sinugo Niya ang Kaniyang Espiritu upang gamitin ang iyong katawan, ang Aking katawan. Ngayon, maaaring hindi mo ito magawa. Alam nating sa Kasulatan ay mayroong isa sa bawat salinglahi, ngunit (Kita n'yo?) — ngunit. . . Gayon man ay maaari ninyo itong sampalatayanan. At may iba ka pang bagay na maaaring gawin. Lahat . . . Ano kaya kung sabihin ng daliri ko na dahil hindi ito ang mata ko, titigil na siya sa pagiging daliri. Ano kaya kung sabihin ng bisig ko, "Ayaw ko nang tumaas, dahil kung hindi ako mata o tainga, ayaw ko nang maging bisig," Aba, mapipilay ang katawan ko. Kung ano ang nais ng Diyos para sa iyo, manatili ka roon.

74 Ilang beses ko na bang ipinahayag ang aking paghanga kina Oral Roberts, Billy Graham, Tommy Osborn, at ang iba pa sa mga kalalakihang iyon? Lalakad sila roon ay sasabihin, "Luwalhati sa Diyos. Sampalatayanan n'yo ito." Pananampalatayang bulldog, at saka biglang alis. Aalis sila roon nang preskong-presko sila. Tatayo si Billy Graham at mag memensahe, at kakausapin niya ang mga tao ng ilang minuto, sasabihin niya, "Magdesisyon kayo. Lumapit kayo sa altar," tatayo lang siya roon at hindi na siya kikilos pang muli. Ang sabi niya . . . Tanong nila, "Bakit mo ginagwa iyon, Billy?" Aniya, "Naipangaral na ang Mensahe ko. Galing iyon sa Diyos." Tama. Naroon siya sa iglesiang Sodoma, na siyang dapat mangyari. Ang dulo ng pangalan niya ay h-a-m. Mula sa Abraham, anim na titik, ang Abraham ay pito. Nakikita ba ninyo ang mensahero sa iglesiang iyon na Nasa Babilonia? Siya na nga. Wala nang ibang lalaki sa bansang ito ang mas gagaling pa sa pagdadala ng mensahe ng pagsisisi maliban kay Billy Graham. Tatayo siya roon, aalis siya pagkatapos at saka kakain ng T-bone Steak, at mautulog. Iinom siya ng malted milk, ayos na.

75 Ngunit kung kailangan mong tumayo roon at labanan ang mga diablo. Minsan doon sa Long Beach, si

Brother Jack at ako . . . (Nakatayo roon ang iyong ama.) Nakatayo roon si Mr. Fuller, si Charles Fuller, isang butihing kapatid, nakatayo siya roon at nangangaral, mga dalawa o tatlong libong katao ang naroroon nung hapong iyon. Naupo kami at nakinig sa Gawain niya. Inupahan ko ang odituryum na iyon pagkatapos niya. At tumayo siya roon, napakaganda ng ipinangaral niya at ang sabi, "Mayroon ba ritong nais tumanggap kay Cristo?" Dalawa o tatlong tao ang nanaog upang ihandog ang kanilang mga sanggol na anak. Isang babae ang nagsabing nais niyang tumanggap. Lumapit siya at nag-alay siya ng maikling panalangin, ang isa sa mga diakuno, nagbalik siya at naupo, nakipagkamamay, tumalikod at lumabas. Hayun ang kaniyang grupong intelektual, magagara ang bihis, palabas na sila. Heto naman at papasok ang aking grupo, naka-strait jacket, naka- Wheelchair, bulag, lumpo, pingkaw, baldado. Kapag ganiyan ang kaharap ng pananampalataya mo . . . Ngayon, dito, ano ba ang sinasabi ko tungkol kay Cristo? At ngayon, may mga hindi mananampalatayang nakaupo rito ngayon, naghahanap sila ng maibubutas, naghahanap lang sila ng maibubutas.

76 Alalahanin n'yo, hindi pa katagalan dito sa Toronto, nakatayo ako roon, Nangangaral, nananalangin para sa mga maysakit. Lagi akong Nakakaramdam ng kakaibang espiritu; nakaupo siya sa gawaing kaliwa ko. Binabantayan ko iyon. May isang lalaking nakaupo roon. May mga taong bumayad sa kanya upang pumasok siya roon at hipnotismohin ako. Nagpupunta siya sa mga kampo ng sundalo at kaya niyang pagapangin ang mga sundalo at patahuling parang aso. at iba pa, hinihipnotismo niya sila. Naramdaman ko ang masamang espiritung iyon. Hindi ko alam kung Saan nanggagaling. Tuloy ang pagmamanman ko. Nakita ko ang maitim na Aninong iyon. Naghintay ako ng ilang minuto. Ang sabi ko, "Ikaw na anak ni Satanas, bakit nagawa ng diablong bulagin ang isipan mo sa bagay na iyan? Dahil naparito ka upang labanan ang Diyos, at hamunin ang Espiritu ng Diyos, bubuhatin ka nila palabas dito." Naparalisa siya doon mismo sa kaniyang kinauupuan, at hanggang ngayon ay paralisado pa rin siya. Kita n'yo?

77 Hindi tayo naglalaro ng simba-simbahan. Ilan ba sa inyo ang nakadalo na sa mga Gawain, at nakakita na kayo ng mga ganitong pangyayari, alam n'yo na, mga bagay na nangyayari? Siyanga. Tama.

Alalahanin n'yo, maging magalang kayo, Ngayon, sa palagay ko ay ito ang mauuna. Tama nga ba? Kita n'yo, nangaral na ako, sinabi ko sa inyo kung ano'ng mangyayari sa araw na ito. Ngayon, isa iyang tanda. Kung matutupad ito, ito na nga ang tanda. Kung gayon ay paniwalaan n'yo ang tinig na kasunod ng tanda. Kita n'yo? Ngayon, narito ang isang babae tamang-tama ito sa . . . Sa mga baguhan, ito na ang Juan 4, kung saan ay nakatagpo ng panginoong Jesus ang isang babae sa balon. Noon lang sila nagkita sa tanang buhay nila. At sinabi niya sa babae kung ano'ng problema niya, at nakilala niya na Siya nga ang Mesiyas. Alam ba ninyo ang kuwento? Heto na naman, nagtagpo ang isang lalaki at isang babae. Ngayon hindi siya ang babaeng iyon at hindi rin ako ang Lalaking iyon. Ngunit Siya pa rin ang dating Diyos. Kita n'yo? Ngayon, sinabi ni Jesus, "Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo," San Juan 14:12.

78 Ngayon, binibini, hindi kita kilala, hindi ko alam kung bakit ka nakatayo rito ngayon. Marahil ay problema sa loob ng bahay, maaring para sa ibang

tao, marahil ay maysakit ka, marahil nga; marahil ay nakatayo ka riyan at nagkukunwari ka lang. Anuman iyon, hindi ko . . . Ngunit alam ng Diyos. Ngunit malalaman mo kung katotohanan ang sasabihin Niya sa iyo o hindi, Hindi ba? Kung ito'y katotohanan, malalaman mo. Ngayon. Kita mo? Iyan ang kailangang abutin ng inyong pananampalataya . . . Gusto ba ninyong pumarito . . . Ngayon, kung mayroon ditong nag-iisip na mali ito, pumarito ka at kunin mo ang pasyenteng ito. Pumarito ka at dalhin mo ang lahat ng iba. At kung ayaw mong gawin, huwag mo na lang akong tuligsain. Ngayon, tumingin ka rito sandali, sister. Ngayon, wala akong anumang nalalaman tungkol sa iyo; maliban sa isa kang babaeng nakatayo riyan ngayon.

79 Ngayon, kung ang Panginoong Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, na Pinatunayan ko sa pamamagitan ng Biblia na nangako Siyang magbabalik sa mga huling araw at ipahahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa kapuspusan ng Kaniyang Espiritu, gaya ng paglaki ng Iglesia, gaya ng pag-akyat nito sa pangangatawan ng tao, mula sa pinakapaa, umakyat iyon patungo sa mga hita, paakyat sa Ulo, at ang Ulo ang siyang pangulo ng katawan. At umakyat na ang katawan mula noong unang iglesia, umakyat iyon dito sa — sa repormasyon, umakyat na ito ngayon, nagdaan na ito sa pag-aaring ganap, pagpapabanal, bautismo ng Espirito Santo. Ngayon naman ay ang ulo ko ang nakakaalam. Ngunit Siya ang nakakaalam. Kaya nga Siya ang Salita. Hindi ako ang Salita. Tao ako. Ngunit, nakikita ba ninyo, ginagamit niya ang katawang ito sapagkat namatay Siya upang linisin ang katawang ito upang magamit Niya ito at makapagbigay Siya ng kaloob, parang inaalis mo ito sa engranahe. At ang Espiritu Santo na ang mamamahala. At kung ilalarawan Niya, o kaya'y sasabihin Niya sa iyo kung ano'ng ginawa mo, o kung ano'ng ipinunta mo rito, o kaya nama'y isang bagay tungkol sa iyo, maniniwala ka ba? At maniniwala rin kaya ang tagapakinig? Itulot nawa ng Panginoon.

80 Ngayon, inilagay ko ngayon ang lahat ng espirito sa ilalim ng aking pamamahala para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ngayon, maupo kayo ng tahimik; huwag kayong gagalaw. Tumingin muna kayo rito sandali. Tumingin kayo sa akin, gaya ng sinabi nina Pedro at Juan, nang pumasok sila sa pintuang

daan. Sa ibang salita, pagtuunan n'yo ng pansin ang sinabi ko. Kita n'yo, tinanong ni Jesus ang babae ng ilang tanong, "Bigyan mo Ako ng inumin." Kita n'yo, kanina pa ako nangangaral, iyon din iyon. Isinugo ako ng Ama rito sa — sa Baton Roque. Naririto na ako. Ang sabi ng Ama ay Kailangan niyang dumaan sa Samaria. Naupo Siya roon. Naupo Siya roon. Isang babae ang unang lumapit sa Kanya. Ipinakita Niya ang tandang iyon sa babae, at nagsisisi ang buong bayan. Ano'ng laking kaibahan . . . Sa palagay n'yo kaya kung gagawin Niyang muli iyon ngayong gabi, sa palagay kaya ninyo ay magsisisi ang buong Baton roque? Duda ako. Duda rin ba kayo? Tiyak ngang duda ako. Ngunit nasa huling mga araw na tayo, kung kailan ang kasamaan ay umabot na sa kasukdulan.

81 Ngayon, ang kalagayan mo, naparito ka upang maipanalangin. Tama nga. At mayroon kang sakit sa lalamunan. Kung tama iyan, itaas mo ang iyong kamay. Bukod pa riyan, mayroon kang ipinapanalangin; isang bata. At bata ay mayroon ding sakit sa lalamunan. At may sakit ang bata sa lalamunan; may tumubong bukol sa lalamunan niya. Naniniwala ka bang pagagalingin din siya ng Diyos? Ang panyong hawak mo sa iyong kamay, na itinaas mo sa Diyos bilang pagsaksi, huwag mong pag-aalinlanganan. Humayo ka at ipatong mo ang panyong iyan sa bata. Taos sa iyong pu- So . . . Pareho kayong pagagalingin ng Diyos, at iigi na ang lagay n'yo. Maaari mo bang gawin iyon? Humayo ka nawa, at pagalingin ka nawa ng Panginoon.

Kumusta ka? Hindi rin tayo magkakilala.

82 Sumasampalataya ka ba? Iyan ang tanda. Ngayon, ang tinig naman ay, "Magbalik kayo sa Salita." Hindi kita kilala; kilala ka Niya. Kung magagawa Niyang magsabi sa akin ng isamang bagay tungkol sa iyo, paniniwalaan mo ba na ang Salitang ipinangusap ko ay mabibindika? Iyan ang — iyan ang bindikasyon nito. Kita n'yo? Ang sabi ko ay ginagawa na niya ito. Iyan ay propesiya. Ngayon, Kung matutupad ang propesiya, kung gayon, ang sabi Niya, "Pakinggan n'yo ito." Mayroon kang malalang kaso ng nerbiyos, pagiging nerbiyoso. At mayroon kang tumor; at ang tumor ay nasa binti mo. Tama iyan, di ba? Ngayon, naniniwala ka ba? Kung gayon ay humayo ka at sumampalataya. At mangyari sa iyo ayon sa iyong pananampalataya.

83 Kumusta ka? Hindi kita kilala, ngunit kilala ka ng Diyos. Naniniwala ka bang masasabi ng Diyos sa akin ang mga problema mo? Tumingin ka sa akin kung gayon. May mga problema ka, subalit ang totoo ay nakatayo ka rito para sa ibang tao. At ito ay isang taong kasabay mong lumaki; isang kapatid na babae. Tama. Ngayon, naniniwala ka bang kayang sabihin sa akin ng Diyos kung ano'ng problema ng kapatid mong babae? Tatanggapin mo ba ito? May sakit siya sa puso. Tama. Naniniwala ka bang gagaling siya? Kung gayon, ayon sa iyong pananampalataya ay mangyari sa iyo. Halika rito binibini. Kumusta ka? Kung masasabi sa akin ng Diyos Kung ano'ng problema mo, o kung ano'ng nagawa mo, o anuman iyon. Mapaniwala ka kaya? Alam mong ako'y . . . Hin — hindi kita kilala. Iyan Ang kanyang katangian, ipinakikilala Niya ang Sarili Niya sa pamamagitan ko ayon sa Salitang ipinangako Niya. Naniniwala ka ba? Isa ka pa. May pambabae kang sakit na karaniwang nagiging sakit ng babaeng kasing-edad mo, ngunit ang kaisipan mo ay nakatuon sa ibang tao. Isang lalaki. Ang asawa mo, at may sakit siya sa puso. Naniniwala ka bang siya'y — na pagagalingin siya ng Diyos? Humayo ka't manampalataya. At ayon sa iyong pananampalataya ay magaganap sa iyo.

84 Ngayon, kita n'yo, sa haba ng isang oras na pangangaral ko, ito — iyon, anuman iyon, tatlo o apat na tao pa lamang ang dumaraan dito. Ngayon, ay hindi na halos ako makatayo rito. Kita nyo, Kita n'yo? Ang mga tao nanlalabo sa tingin ko sa paligid. Kita n'yo? Sinabi ni Jesus, "Lumabas sa Akin ang lakas." Kung ang isang babae na humipo sa kanyang damit ay nagpalabas ng lakas Niya, at Siya ang Anak ng Diyos, paano pa kaya ang isang makasalanang naligtas ng biyaya? Ang sabi Niya, "Ang mga gawang aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo. Higit pang maraming gawa kaysa rito ang magagawa ninyo." Alam ko na ang sabi ng King James ay "higit na dakila." Ngunit kung kukunin mo ang orihinal na salin, ang pagkakasabi ay, "higit na marami kaysa rito ang magagawa ninyo." Wala nang makahihigit sa nagawa Niya. Bumuhay Siya ng patay at napahinto Niya ang kalikasan, at nagawa na Niya ang lahat. Ngunit ang sabi Niya, "Higit pang marami kaysa rito ang magagawa ninyo, pagkat Ako'y paroon sa Ama. Hindi Ako makikita ng sanlibutan, datapuwat makikita ninyo Ako. Sapagkat Ako'y . . ." Tingnan n'yo, "Ako," "Ako" "Ako" ito'y panghalip na panao. "Ako'y sasainyo at tatahan sa inyo." Kung gayon ay hindi pala ang tao; si Cristo pala.

85 Kaya ko sinabi iyan ay para yugyugin ng kaunti ang aking sarili, upang Magbalik ang aking diwa. Nalilihis ka sa isang bahagi hanggang sa makalipas ang ilang panahon . . .Hindi habang naroon ka sa taas o narito ka sa ibaba, nasa pagitan ito. Ilan ba ang nakauunawa niyan? Alam kong sa — sa palagay n'yo ay nauunawaan ninyo. Ganyan din ako. Alam ba ninyo na ang mga makata at mga propeta ay laging parang nasisiraan ng bait? Ilan ba ang nakakaalam niyan? Ilan ba ang nakarinig ng tungkol kay William Cowper, ang dakilang makatang Ingles, alam n'yo, na siya ang sumulat ng, "Mayroong bukal puspos ng dugo, sa ugat ni Jesus nagbuhat?" Pagkatapos niyang isulat ang awiting iyon, nabalitaan ba ninyo kung ano'ng nangyari sa kanya? Tumayo ako sa tabi ng kanyang puntod hindi pa katagalan. Tinangka niyang magpakamatay at magpakalunod sa ilog. Ilan ba ang nakabalita kay Stephen Foster? Ibinigay niya sa America ang pinaka magandang folk song. Nasa ulo niya iyon, ngunit wala sa puso niya. Sa tuwing

tatamaan siya ng inspirasyon, magsusulat siya ng awit. At kapag nilisan na siya ng inspirasyon, hindi niya malaman kung ano'ng gagawin niya sa sarili. Ligaw siya. Nag — naglalasing siya. At sa wakas, nang lumabas na siya sa ispirasyon, tinawag niya ang isang alipin, at kumuha siya ng labaha at nagpakamatay siya. Kita n'yo? Tama.

86 Tingnan n'yo si Elias, na propeta. Pumaroon siya at nagpababa ng apoy mula sa langit, nagpaulan siya mula sa langit sa unang araw, at isinara niya ang langit, at ginawa niyang lahat iyon. At nang iwan siya ng inspirasyon, lumabas siya roon sa ilang at gusto na niyang mamatay. At nasumpungan siya ng Diyos, pagkalipas ng apatnapung araw, nagtatago siya sa isang yungib. Tama ba? Tingnan n'yo si Jonas na propeta. Pagkatapos niyang ihatid ang mensahe niya, umahon siya at naupo sa isang burol, hiniling niya sa Diyos na hayaan na siyang mamatay. "Hayaan Mong yumaong payapa ang Iyong lingkod." Hindi ito nauunawaan ng mga tao. Hindi. Hindi. Hindi ninyo ito mauunawaan. Hindi ko rin kayang ipaliwanag, o ng kahit sino. Hindi mo kayang ipaliwanag ang Diyos. Hindi nakikilala ang Diyos sa pamagitan ng makaagham na pananaliksik. Nakikilala ang Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya. Sumasampalataya tayo sa Kaniya. Paano mong ipaliliwanag? Paano pang matatawag na pananampalataya ito? Nakikilala natin ang Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya. Hindi-hindi malalaman ng iglesia ang pagpapagal, at ang pag-aalala, At ang hirap at pagsubok, ng taong nagsikap magdala nito, ang Mensahe. Alam Niya. Ang gantimpala natin ay hindi galing sa tao.

87 Tumingin ka rito, binibini. Siyanga, sandali lang. Ang babaeng iyan ay may anino ng kamatayan. Kung hindi masasakloban kaagad ng Diyos ang babaeng iyan (Nakikita ko . . . Hindi ba ninyo nakikita ang kadilimang nakapaligid sa kanya?) tiyak na tiyak na mamatay siya. Dito hindi pa katagalan ay mayroon silang nakunan ng litrato na hawig diyan. Naroon iyon sa bahay namin. May maitim na aninong lumulukob sa kaniya. Nasa kaniya ang anino ng kamatayan. Nagpaopera ang babeng iyan. At sa operasyong ito ay cancer ang inoperahan nila. At ngayon ay marami siyang nagiging sakit, lahat ng uri ng . . . Aba, ibat-ibang komplikasyon. Isang bagay, napakahina mo, hindi mo kayang tumayo. Isa pa, mula sa iyong apdo ay may lumalabas na nana, para malaman mo na hindi ako basta lang nagsasalita. Kita mo? Tama nga. Ngunit binibini, nagsikap ang duktor. Binibigyan ko siya ng kredito dahil diyan. Ngunit ang kanya ay remedyo lang, ang sa Diyos ay lunas. Ikamamatay mo iyan. Nagawa na niya ang magagawa niya. Sumasampalataya ka ba? Halika rito sandali. Sa pamamagitan ng atas na ibinigay sa akin ng Diyos na makapangyarihan sa Lahat, pinatotohanan sa akin ng isang Anghel, na ngayon ay naririto sa anyo ng Haliging Apoy, kinukundena ko ang diablong ito na kumiukitil ng buhay ng babaeng ito, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen. Humayo ka na't sumampalataya. Taglay ang lahat ng nasa iyo, sumampalataya ka.

88 Ang sakit mo ay sakit na pinakamarami ang napatay: sakit sa puso. Sinasabi nilang iyan ang numero unong sakit. Ngunit hindi po iyan. Ang kasalanan ang numero unong pani — sakit. Naniniwala ka bang kaya Niyang pagalingin ang puso mo at paigihin ang pakiramdam mo? Kung gayon ay humayo ka, sampalatayanan mo. Pagpalain ka ng Diyos. Sa palagay mo kaya ay kayangpagalingin ng Diyos ang likod mo at paigihin ang iyong pakiramdam? Sumasampalataya ka ba nang taos sa puso mo? Humayo ka't sumampalataya, sister. Tingnan mo kung ano'ng mangyayari sa iyo. Iigi na ang lagay mo. Arthritis at sakit sa puso. Ngunit naniniwala ka bang mapapagaling ka ng Diyos? Taos sa puso mo? Tatanggapin mo? Ayon sa iyong pananampalataya, iyan ang mangyayari sa iyo. Ngayon, humayo kang sumasampalataya nang taos sa iyong puso. Pagagalingin Ka ng Diyos. Mayroon ka ring sakit sa likod. Naniniwala ka bang kaya kang pagalingin ni Jesus Cristo? Humayo ka na, sampalatayanan mo nang taos sa puso mo. Hindi kita kayang pagalingin. Prostate, nerbiyos, at mayroon ka ring arthritis. Naniniwala ka bang kayang paigihin ng Diyos ang pakiramdam mo, at mapapagaling ka Niya? Tinatanggap mo ba? Humayo ka at sampalatayanan ito kung gayon.

89 Madalas na hindi ka makatulog, sa kauubo. Ngunit napapagaling ng Diyos ang asthma. Sumasampalataya ba kayo? Naniniwala ka na bang Pagagalingin ka Niya? Pagpalain ka ng Diyos. Salamat sa iyong . . . ? . . . Ano kaya't hindi ako nangusap sa iyo ng kahit ano, basta ko na lang ipinatong ang kamay ko sa iyo, maniniwala ka kaya? Halika rito. Ipinapatong ko ang kamay ko sa iyo sa Ngalan ni Jesus Cristo, at nawa ay iwan ka na ng arthritis . . . ? . . . Manampalataya ka. Halika. Halika, sister. Sumasampalataya ka ba? Buweno, napakaganda niyan. Kung gayon ay Kumain ka na ng hapunan. Kung gayon ay gagaling na ang iyong tiyan. Madalas na pagsakit ng likod, matagal na panahon mo nang iniinda iyan. Humayo ka't manampalataya na gagaling ka na, at gagawin iyan ng Diyos sa iyo. Amen. Amen. Mabuti. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Amen. Maliit na bagay ang diabetis para pagalingin ng Diyos. Kaya Niyang Pagalingin ang mga ito. Naniniwala ka ba? Mabuti. Tanggapin mo at humayo ka't sampalatayanan mo Siya nang taos sa puso mo. May sakit ka rin sa dugo. Naniniwala ka bang mapapagaling ka ng Diyos? Humayo ka't sampalatayanan mo taos sa puso mo, at iigi ka.

90 Naniniwala kang pinagaling ka na Niya ng mahagip ka nito? Pinagaling ka na Niya. Ang sakit ng babaeng iyan, sakit sa puso. Naniniwala ka ba? Humayo ka at sumampalataya sabi ni Jesus. Naniniwala ka bang pagagalingin ng Diyos ang likod mo, ang iyong mga bato? Pagpalain ka ng Diyos, magpatuloy ka lang. Hindi ako nagpapagaling. Hindi ko kayang magpagaling. Hindi ako manggagamot. Ano'ng palagay mo sa sinabi Niya tungkol sa likod niya? Naniniwala ka bang gumagaling na rin ang likod mo? Mabuti. Humayo

kang sumasampalataya kung gayon. Humayo ka't sampalatayanan mo nang taos sa puso mo. Ikaw din? Naniniwala ka bang pagagalingin ka ng Diyos? Humayo ka't sampalatayanan mo nang taos sa puso mo. Ibibigay iyan ng Diyos. Kung ikaw ay — ngunit kailangan mong sampalatayanan ito. Naniniwala ka bang pagagalingin ka rin ng Diyos? Mabuti. Pagpalain ka ng Diyos. Magpatuloy ka lang at manampalataya nang taos sa puso mo. Halipokayo. May mga mumunting puting patak na tumutulo. Ipinakita ng diagnosis na diabetis iyan. Naniniwala ka bang gagaling ka? Pumunta tayo sa Kalbaryo para magpagaling ng dugo. Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Pangalan ni Jesus Cristo, gumaling nawa siya . Amen. Pagpalain ka ng Diyos. Manampalataya ka nang taos sa puso mo.

Sumasampalataya ba kayo?

91 Paano naman ang ibang kabilang sa tagapakinig? Sumasampalataya ba kayo nang taos sa puso ninyo? Si Jesus Cristo ba'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Naniniwala ba kayo? Dito kaya sa gawing ito? Ang babaeng iyan na nakaupo at nakatingin sa akin, may sakit siyang pambabae. Naniniwala ka bang pagagalingin ka ng Diyos? Nakasuot siya ng asul na balabal. Sige, manampalataya ka na ngayon. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Ganiyan lang kasimple. Ang babaeng nakaupo sa likuran mo, maitim ang buhok niya, ang sabi niya, "Salamat po, Panginoon." May kung anong tumama sa kanya. Hindi niya alam kung ano'yon. Nilisan ka na ng sakit sa apdo. Kung sasampalataya ka nang taos sa puso mo, binibini . . . Sumasampalataya ka? Sige. Itaas mo ang kamay mo. Humayo ka't tanggapin mo. Pinagaling ka na ng Panginoon.

Paano naman ang isang ito, mayroong isang taong narito sa loob,

92 diyan sa may likuran, ikaw ay si?... Huwag kang gagalaw. Kita n'yo ang mga karamdamang ito ay bukas sa isa't-isa. Kumusta po kayo, sir, ang matandang lalaking iyan na nakaupo sa kaniyang upuan. Sumasampalataya ka ba? Sumasampalataya ka bang kaya kang pagalingin ng Diyos? Mabuti. Tanggapin mo anuman ang hiniling mo. Kung kaya mong sumampalataya. Ano sa palagay mo, babaeng nakaupo sa tabi niya? Sumasampalataya ka rin ba? Sumasampalataya ka? Naniniwala ka bang masasabi ng Diyos sa akin kung ano'ng problema mo? Napakalayo mo sa akin. Sampalatayan Mo lang Siya ngayon. Naniniwala ba kayong katotohanan ang ipinangusap ko sa inyo? Kung gayon ay bababa na ang mataas na presyon ng dugo mo. Naniniwala ka ba? Itinaas mo rin ang kamay mo. Pinalakas mo ang loob niya. Naniniwala ka bang kayang sabihin sa akin ng Diyos kung ano . . . Naging mabuti ka sa kaniya sa ginagawa mong pagtulong sa kaniya, ngayon naman ay magiging mabuti ang Diyos sa iyo at tutulungan ka Niya. Mayroon kang problemang espiritwal na bumabalisa sa iyo. Kung tama iyan, ikaway mo ang kamay mong paganito. Maaayos na iyan ngayon. Inaayos na Niya.

93 Ilan ba ang sumasampalataya? Ilan ba sa inyo ang — sa mga hindi Cristiano, na nakadaramang ang — nakatayo rito si Jesus ngayon, at nais n'yong tumayo at magsabi, "Jesus, nais kong ipakilala ang aking sarili bilang isang makasalanan. Mapapatawad mo ba ang aking mga kasalanan?"Magsitayo kayo. Pagpalain ka ng Diyos, sir. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Iyan ay . . . Pagpalain ka ng Diyos, ikaw din, ikaw din. Ito . . . Nakikita Niya kayo. Inilista Niya ang pangalan mo kapag ginawa niya iyan. Dito sa gawing balcony, magsitayo kayo, sabihin n'yo, "Panginoong Jesus, nais kong — nais kong magpakilala. Gusto ko ng habag para saaking kaluluwa." Pagpalain po kayo ng Diyos, sir. "Nais ko ng habag, Panginoon Jesus." Hindi ba ninyo nakikita, mga kaibigan? Siya ang naririto ngayon. Pagpalain ka ng Diyos, binata. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, dalagita. Iyan ang pinakadakilang bagay na nagawa mo. Ngayon, baka mayroon pang iba na hindi pa tumatanggap, tumayo ka at sabihin, "Nais kong maipakilala, Panginoong Jesus. Ipinakilala ko ang sarili ko sa gabing ito." "Sinumang magpapahayag ng kaniyang kasalanan ay makatatanggap ng habag; sinuman magtatago ng kaniyang kasalanan ay hindi pagpapalain." Gagawin ba ninyo sa Kanyang Presensiya? Pagpalain ka ng Diyos, Binibini. "Gagawin ko." Pagpalain ka ng Diyos. Opo, Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain po kayo ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain kayo ng Diyos. Sasabihin mo, "May kabuluhan ba iyan?" Buhay at kamatayan, iyan ang nakataya rito. Nakikilala ba ninyo ang Kanyang Presensiya rito? Nakikilala ba ninyo, nadama ba ninyo? Kita n'yo, nakikita n'yo na. Nakikita Ninyong gumagawa ito. Siya iyon. Iyan nga ang sinabi Niyang gagawin Niya. Naniniwala ba kayo?

94 Ang sabi naman ng iba, "Nais kong ipakilala ang sarili ko bilang isang makasalanan, Panginoon. Patawarin Mo ako sa aking mga kasalanan." Kung nakatayo na kayo, itaas lang ninyo ang inyong mga kamay, ang iba sa Inyo na nakasandal sa mga dingding, itaas ninyo . . . Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. May iba pang nagsasabi, "Nais kong ipakilala ang aking sarili, Panginoong Jesus. Nanghihingi ako ng habag ngayong gabi sa Iyong banal na Presensiya, Naniniwala akong ang Diyos na siyang hahatol sa akin, naririto ang Kaniyang Presensiya ngayon. Alam kong nangungusap Siya sa aking puso at sinasabi niyang nagkasala ako. Nais kong tumayo at sabihing nagkasala ako. Ipinagtatapat ko ang aking pagkakasala. Kunukundena Mo ako sa akingpuso." Iyan ang dahilan kung bakit itinitigil ko ang pila ng panalangin. Pagpalain kayo ng Diyos. Papalain kayo ng Diyos. Bakit ko kaya ito itinigil, sa palagay n'yo? Itinigil ko dahil alam kong Kailangang mangyari niyan. Ngayon, mayroon pang iba rito. Hindi ba kayo tatayo? Magsitayo kayo at sabihin n'yo . . . May nangungusap sa inyong mga puso, "Nagkakamali ka." Pagpalain po kayo ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos,

binibini. "Nagkasala ako. Patawarin Mo po ako, Panginoon. Ipinakikilala ko ang sarili ko. Tumatayo ako, Panginoon sa Iyong Presensiya. Alam kong naririto Ka. Sadyang naririto Ka. Sinabi mong ito ang — ang gagawin Mo. Ngayon. Na — nakikita ko ang tanda, at alam kong ipinaliwanag sa akin na Iyan ang magiging tanda ng mga araw na ito. Naririnig ko ang tinig na Nananawagan ng pagsisisi. Naririto ako, Panginoon. Naniniwala ako sa tanda; naririnig ko ang tinig."

95 Ang tinig ay nangungusap sa iyo ngayon, "Magsibalik kayo, o baying nagpangalat; mga bituing gala; magsibalik kayo, o kayong mga itinakwil. Magsibalik kayo ngayong gabi." Hindi ba kayo magsisibalik? Tumayo ka lang at sabihin mo, "Ipinakilala ko ang aking sarili na isang makasalanan, na nanghihingi ng habag." Gagawin mo ba? Mayroon pa bang iba? Pagpalain ka ng Diyos, Binibini. Pagpalain ka ng Diyos diyan sa itaas, anak. Kung sakaling mawaglit kita, hindi ka Niya iwawaglit. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Napakaganda niyan. Mayroon pa ba? Manatili lang kayong . . . Nais kong magtagal ng isa pang minuto, pagkat mayroon pa akong nadaramang kabigatan dito, kita n'yo. Mayroon pa ba? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Ganiyan nga ang dapat gawin. Ganiyan nga. Mayroon pa ba? "Nais kong ipakilala ang sarili, tatayo ako, at sasabihin kong nagkasala ako. Nanghihingi ako ng kahabagan." Gagawin ba ninyo? Bilisan natin, bago tayo magpatuloy, tumayo ka at sabihin mo, "Nais kong ipakilala ang aking sarili, Panginoong Jesus." Pagpalain ka ng Diyos, dalagita.

96 Alam n'yo, marahil bago kayo umuwi, ngunit darating ang panahon kung kalian ay magkakaroon ng malamig na hamog ang inyong mukha. Marahil isang umaga ay kakapain ng duktor ang pulso mo sa iyong bisig. Wala nang magagawa pa. At madarama ninyo ang malamig na alon ng kamatayan na lumulutang sa inyong mukha; doon mo maaalala kung ano'ng ginawa mo. Alalahanin mo, hindi ka nila maililibing nang gasinong malalim. Wala silang magagawa sa iyo. Ipinangako ng Diyos, "Babangunin kitang muli sa huling araw." Tingnan n'yo, "Ang nakikinig sa Aking Salita at sumasampalataya sa nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi na haharap sa kahatulan, bagkus ay lumipat na mula sa kamatayan tungo sa Buhay." Subukan n'yong burahin iyan kung kaya ninyo. Sinabi iyan ni Jesus Cristo. "Ang sinumang sumampalataya (ang nakauunawa.) sa Aking Salita, at sumasampalataya sa nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan, hindi na haharap pa sa kahatulan (sa pangungundina), bagkus ay lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan," sapagkat sumampalataya siya sa bugtong na Anak ng Diyos, na ibinangon Siya ng Diyos dalawang libong taon na ang nakararaan at buhay Siya sa sa gabing Ito, ipinakikita Niya ang mga katangian ng Kaniyang pagkabuhay na maguli.

97 Mayroon pa bang isa? Tumayo ka. Pagkatapos niyan ay mayroon pang isang magsasabi. "Nais kong tumanggap. Nais ko siyang tanggapin." Pagpalain ka ng Diyos. Napakainam niyan, munting binibini. Kahanga- hanga iyan. Nais kong pansinin n'yo. Nakakita ako ng isang panawagan sa altar dito hindi pa katagalan, habang ang mga tao ay ngumunguya sila ng chewing gum, nagsusuntukan sa tagiliran. Ngunit napansin ba ninyo ang katapatan sa mukha ng mga tao, sa mga dalagang iyan? Kahit nga tinuligsa ko ang maiikling buhok, at pagme-makeup, kahit naka-makeup sila at maiikli ang buhok, nagsitayo pa rin sila. "makasalanan ako. Mahabag ka sa akin, Diyos," Iyon ang binhing nakahimlay doon. Nasilayan iyon ng liwanag, at alam nila ito. Pagpalain kayo ng Diyos. Magsiyuko na tayo. Nais ko na ang bawat mananampalatayang naririto na katabi ng mga taong nagsitayo kanina. Patungan ninyo ng kamay ang taong iyon, maari ba, ang tumayo kanina? Nakatayo sila sa tabi ninyo, kung Cristiano ka ipatong mo ang kamay mo, "Sister, Brother. Nakapatong ang kamay ko sa iyo ngayon. Nais kong manalangin,"

98 Makalangit naming Ama, naririto ngayong gabi ang mga taong nag — nagsisisampalataya sa Iyo. Ang ibang binhi ay nahulog sa daanan, ayon sa Iyo. Nagsidating ang mga ibon at tinuka nila ang mga iyon. Ang iba naman ay nahulog sa mabatong lupa, at ang iba'y sa mga tinik at dawag. Ngunit ang iba ay sa matabang lupa. At ang Presensiya Mo na naririto ngayong gabi ang kumumbinsi sa marami rito ngayon na Ikaw nga ang Anak ng Diyos, at nabubuhay Ka magpakailan man. At ipinangako Mo na dahil nabubuhay Ka, kami rin naman ay mabubuhay din. Panginoong Jesus, Nagsitayo sila at nagsisaksing sumasampalataya sila Sa Iyo. Ngayon panginoon, alam kong tatayo Ka rin para sa kanila sa araw na iyon. Itulot Mo po ito, Panginoon. Ibinibigay ko sila sa Iyo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Nawa ay sumimba sila sa isang mabuting iglesia at mabautismuhan nawa sila sa bautismo ng Cristiano. Nawa ay makabilang sila sa isang kalipunan ng mga mananampalataya. Nawa ay mapuspos sila ng Espiritu Santo. Nawa ay maging tropeo sila ng Ebanghelyo, mga hiyas ng Iyong Putong sa araw na iyon. At sakaling hindi ko na sila makitang muli sa panig na ito ng dakilang araw na iyon, Makita ko nawa sila sa araw na iyon gaya ng nakita ko sa pangitain na nagsasabing, "Hindi mo ba ako natatandaan? Naro'n ako noon sa Baton Roque, noong gabing tumatayo mako." Itulot Mo nawa ito, Ama. Sila'y sa Iyo, sa Ngalan ni Cristo.

99 Naririto sa aking harapan ang isang kahon ng mga panyo, maliliit na sapatos, mga sapatos ng bata, mga panyo, at mga tela't panapi. Itinuro sa atin ng Biblia na kinuha nila mula sa katawan ni Pablo ang mga panyo't panapi. Nagsilabas ang mga maruruming espiritu sa mga tao. Ngayon, Ama, alam

naming hindi kami si San Pablo, ngunit Ikaw pa rin ang dating Diyos. Kaya't dalangin ko na itulot Mo nawang Makita ang kaparehong resulta, dahil buong katapatang sumasampalataya ang lahing ito. Hindi nila pinaniwalaan si Pablo dahil siya ay si Pablo; pinaniwalaan nila si Pablo dahil nagpakilala Kang kasama ni Pablo. Ngayon, ito rin ang paniwala nila sa gabing ito, Panginoon, na naipakilala Kang kasama namin sa

gabing ito. At balang araw, sasabihin nating ang . . . Isang manunulat ang nagsabi sa atin na patungo na ang Israel sa lupang pangako. at hinadlangan sila ng dagat na Pula upang hindi sila makarating sa lupang pangako. Ang sabi ng manunulat ay tumingin daw ang Diyos patagos sa Haliging Apoy na nagngangalit ang mga mata. Nang magtungo iyon sa Israel, naghatid iyon ng pagkabulag at kadiliman sa hindi manananampalataya, at liwanag naman ang hatid nito sa Israel. At nang humarang ang Dagat na Pula, natakot iyon, at bigla iyong umurong. At tumawid ang Israel sa tuyong lupa tungo sa lupang pangako.

Panginoong Diyos, ang Iyong Anak, habang nakapatong ang aking kamay sa mga panyong ito. Kapag ipinatong ang mga ito sa katawan ng mga taong maysakit, nawa ang Espiritu Santo, Panginoon, ay tumingin sa taong iyon, at nawa ay lisanin siya ng sakit. At nawa ay makatawid sila sa lupaing iyon ng mabuting kalusugan at kalakasan, na sinasabi ng Biblia na mananagana kami sa kalusugan. Itulot Mo po ito, Panginoon. Isinusugo ko ang mga ito sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen. . . .ako akayin,

Sa'n man Niya (awitin natin ito.) ako akayin, Susundan Siya . . . (Ngayon, naririto ang Presensiya Niya. Sambahin natin Siya sa pamamagitan ng pag-awit, buong giliw.) . . . sa wakas.

100 Maari ba ninyo itong awitin nang ganito? Saan man Niya ako akayin, Saan man Niya ako akayin, Saan man Niya ako akayin, Susundan Siya . . . (Kung nais mo ay itaas mo ang iyong mga kamay.) . . . hanggang sa wakas. Magsitayo tayo ngayon, itaas n'yong muli ang inyong mga kamay. . . . sa Halamanan . . . Umawit tayong lahat sa espiritu ngayon, totoong nakasasakit ang mensaheng ito. Sambahin lang natin Siya sa Kaniyang Presensiya. Gustung- gusto Niya pag sinasamba Siya. . . . sa Halamanan, Hanggang do'n sa halamanan, Susundan Siya, hanggang sa wakas. Ngayon naman ay ihimig natin. Siya sa . . . Ngayon habang humihimig kayo, nais kong makipagkamay kayo sa iba, sabihin n'yo, "Pagpalain ka ng Diyos, manlalakbay," ganiyan nga. Kaisa natin ang isa't isa, ang Metodista, Baptist, Presbyterian, Pentecostal,

magkamayan kayong lahat. Pagpalain ka ng Diyos, manlalakbay. Ganiyan nga tayo, mga manlalakbay. . . .sa halaman (Pagpalain ka ng diyos, manlalakbay. Pagpalain ka ng Diyos . . . ? . . ."') [Patlang sa tape -Ed.] . . .sa halamanan, (Ngayon naman ay itaas natin ang ating mga kamay) Susundan Siya, hanggang sa wakas.

101 Magsiyuko tayong may magpapakumbaba, sa pananalangin. Huwag ninyong kalilimutan, bukas ng umaga ay mayroon tayong Sunday School. Ewan ko, ngunit nadarama ko ang Presensiya ng Diyos na totoong totoo sa puso ko. Sadyang napakahirap para sa akin ang umalis dito ngayong gabi. Nadarama kong nasisiyahan ang Espiritu Santo sa gabing ito. Marahil ay magiging maganda ang Gawain natin bukas, dahil nakakita tayo ng mga taong nagsilapit kay Cristo. Kita n'yo, mayroon kasing nagtanong kung bakit hindi ako nag-aaltar call. Naghihintay kasi ako na mapangunahan muna ako bago ako manawagan. Kita n'yo Umaasa ako na lahat ng nagsipagtaas ng kamay o nagsitindig, umaasa akong magsisimba kayo sa isang mabuting simbahan bukas, makisama kayo sa mga mananampalataya. Habang nakayuko ang ating mga ulo, hihilingin ko sa pastor na lumapit Siya rito sa harapan kung maari para sa pagtatapos. Pagpalain kayo ng Diyos, habang nakayuko ang ulo at puso natin sa harap ng Diyos.

MESSAGE online hub
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7